

# MGA KASABIHAN

Ang salita ng Diyos ay dumating sa bayan ng Israel sa iba t ibang paraan. Nasabi na natin na nagsimula ang *mga aklat ng mga propeta* at *mga aklat ng kasaysayan* sa pangangaral ng mga propeta at sa pagninilay sa kasaysayan ng Israel ng mga mulat sa kalagayan ng relihiyon.

Subalit may mga tao ring may kakaibang saloobin. Mas interesado silang pagnilayan ang asal ng tao, ang pakikipagsapalaran sa buhay, ang papel ng kayamanan, at ang magkaibang kapalaran ng iresponsable at ng nakapangyayari sa kanyang mga pagnanasa. Higit sa lahat, pinakamahalaga sa kanila ang malaman kung may katarungan nga sa mundong ito.

Sa ganitong mga paksa nabuo ang pangmadlang karunungan ng lahat ng bayan ng anumang panahon. May nababalitaan tayong karunungang Intsik, karunungang Hindu Tiyak na nauna ang karunungan ng Gitnang Silangan kung panahon ang pag-uusapan. Tatlumpung siglo bago kay Kristo, laganap na ang mga kasulatan tungkol sa karunungan sa Ehipto at Mesopotomia (at alam nating ang Palestina y nasa pagitan ng mga hangganan ng dalawang bansang ito). Mahabang panahon pa ang lumipas bago tumubog ang mga Israelita sa ganitong agos ng panitikan na tinatawag na pangkarunungan : tinipon ni Haring Solomon ang mga unang pantas . Ang mga unang gawa nila (tulad din ng Mga Kabanata 10-30 ng Kasabihan) ay maraming hiniram sa mga naunang gawa ng mga taga-Ehipto at sa iba pa.

Walang gaanong ginawa ang mga manunulat na ito kundi i-edit ang mga kasabihan o salawikain ng pangmadlang karunungan. Ngunit ang kanilang mga sinulat ay tutulong sa pagsisikap na mapalago ang kaalaman at kamalayan sa kagandahang-loob ng mga salinlahing darating. Sa panahon ni Jesus, nakakintal na sa isipan ng bayang Judio ang karunungang ito na ang ningning ay nakikita sa lahat ng mga talinghaga at kasabihan ni Jesus.

Kung paanong salita ng Diyos ang mga aklat ng mga propeta, gayon din ang literaturang ito na iningatan at kinilala ng sambayanang panrelihiyon. Ibang klase lamang ito ng salita na nagbibigay ng ibang liwanag sa buhay.

Napakatanda na ang mas malaking bahagi ng aklat (kab. 10-31). Mas huli naman ang unang bahagi (kab. 1-9), mga ikalawang dantaon bago kay Kristo. Napapaloob dito ang pagninilay sa *Karunungan ng Diyos,* na siyang bukal ng lahat ng karunungan ng tao. Nasa tanyag na ika-8 kabanata ang pinakasukdulan ng pagninilay na ito.

1

• [1] Mga kasabihan ni Solomon, anak ni David, hari ng Israel,
[2] upang magkaroon ng karunungan at pagtutuwid,
maunawaan ang mga salitang makatuturan,
[3] magkamit ng matinong kaalaman,
katarungan, pagkamatuwid at pantay na pagtingin;
[4] mabigyan ng talino ang mangmang,
ng pagkaalam at pagkaunawa ang kabataan,
[6] sa pag-unawa sa mga kasabihan at mga talinhaga,
at mga salita ng marurunong at kanilang mga bugtong.
[5] Makikinig ang marunong:
madaragdagan ang kanyang natututuhan
at magiging mahusay ang magaling magpasya.
[7] Pagkakaroon ng takot kay Yawe ang simula ng kaalaman;
hinahamak naman ng mga hangal ang karunungan at pagtutuwid.

**Layuan ang mga gumagawa ng masama**

[8] Anak ko, dinggin ang pagtutuwid ng iyong ama at huwag tanggihan ang turo ng iyong ina;
[9] magandang putong sa iyong ulo ang mga iyon at kuwintas sa leeg mo.
[10] Anak ko, huwag kang padadala sa tukso ng mga makasalanan.
[11] Yayayain ka nila: "Mag-abang tayo para sa dugo; tambangan natin ang walang kamalay-malay.
[12] Tulad sa lugar ng mga patay, lulunin natin sila nang buo at buhay, gaya ng mga lumulu-
song sa hukay. [13] Kunin natin lahat ng maha-
halagang bagay; punuin natin ang ating mga
bahay ng ating masasamsam. [14] Makisama ka
sa amin at magkakaroon tayo ng iisang pitaka lamang."
[15] Anak ko, huwag kang sumabay sa kanilang daan, huwag kang tumuntong sa kanilang
landas. [16] Tumatakbo sila tungo sa kasamaan at nagmamadali sa pagpapadanak ng dugo.
[17] Ano'ng saysay ng lambat na iniuumang na
kita ng lahat ng ibon! [18] Sariling dugo ang kanilang inaabangan; sariling buhay ang kanilang tinatambangan.
[19] Ganyan ang sinasapit ng lahat ng ganid sa pag-agaw; aagawin nito ang buhay ng mga umagaw.

**Makinig ka ngayon sa akin**

• [20] Sumisigaw ang karunungan sa lansangan; humihiyaw siya sa mga liwasan.
[21] Sumisigaw siya sa mga panulukang-daan; sa mga pintuan ng lunsod siya nagsasalita:
[22] "Kayong mga mangmang, hanggang kailan n'yo gugustuhing magpakamangmang? Hanggang kailan ikalulugod ng nanlilibak ang panlilibak at kamumuhian ng walang-alam ang kaalaman?
[23] "Bumaling sa aking pangaral; heto't ibubuhos ko sa inyo ang aking diwa; ipaaalam sa inyo ang aking mga salita.
[24] "Pagkat tumawag ako at tumanggi

---

• **1.**1 Mula sa simula'y nahahati na sa dalawang grupo ang mga tao. Sa isang grupo'y ang marurunong, kabilang ang matatalino, matatalas ang isip, mabubuti at mga taong responsable. Nasa kabilang grupo naman ang mga hangal, pati na ang mga tanga, sinungaling, at masasama.

*Ang pagkatakot kay Yawe ang simula ng karunungan.* Hindi ang kahulugan ng salitang "takot" sa Biblia ang ibig sabihin nito para sa atin. Sa katunayan, hindi ito pagkakaroon ng takot sa Diyos kundi ang pagkakaroon ng kamalayan na kumikilos siya sa harap ng Diyos at may pananagutan siya sa kanya. Sa katapatan at pagsunod ibinabatay ng mga "takot kay Yawe" ang kanilang mga disisyon.

• 20. Paanyaya sa pagbabalik-loob ngayon. Bukas ay huli na. Ganito rin ang sasabihin ni Jesus: Mt 7:21 at 25:1.

*Ang karunungan ay sumisigaw sa mga kalye.* Sino'ng makapagsasabing walang gumising sa kanya at nagturo sa kanya ng daan? Ang mga kundisyon ng buhay na di-makatao ay nagbubunga ng isang bayang iresponsable, ngunit mga iresponsableng tao rin ang nagpapaging-di-makatao sa daigdig. Gayunman, ang lahat ay inaanyayahang lumabas mula sa kanilang ugaling "bahala na".

*Di nila pinili ang pagkatakot kay Yawe.* Madaling ipagdahilan ang sarili: "Wala naman akong masamang hangarin, kapabayaan lamang ito." Di-tinatanggap ng

kayong makinig, iniunat ko ang aking ka-
may at walang pumansin, 25 ipinagwalam-
bahala n'yo ang lahat kong payo at inaya-
wan ang aking pangaral. 26 Pagtatawanan
ko rin naman ang inyong sakuna; manli-
libak ako sa pagdating sa inyo ng sindak,
27 sa pagdating sa inyo ng sindak gaya ng
bagyo at sa pagbagsak sa inyo ng kapa-
hamakan gaya ng ipu-ipo, sa pagsapit sa
inyo ng kagipitan at ligalig.

28 "Tatawagin nila ako ngunit di ako
sasagot; hahanapin nila ako ngunit di ako
matatagpuan. 29 Pagkat kinamuhian nila
ang kaalaman at di pinili ang pagkatakot
kay Yawe; 30 inayawan nila ang aking payo
at hinamak ang lahat kong pangaral.

31 "Lalasapin nila ang bunga ng ka-
nilang mga daan at mabubusog sa sarili
nilang mga pakana. 32 Pagkat ang pag-
talikod ng mga mangmang ang papas-
lang sa kanila; ang kawalambahala ng
mga hangal ang wawasak sa kanila.

33 "Matiwasay namang mabubuhay ang
nakikinig sa akin; panatag, walang
kinatatakutang masama."

**Mabuti ang magkaroon ng karunungan**

2 • 1 Anak ko, kung tatanggapin mo ang aking
mga salita at isasaloob ang aking mga
kautusan 2 sa pagbaling ng iyong tenga sa ka-
runungan at pagkaunawa ng iyong puso, 3 oo, sa
pagsigaw mo para sa pagkabatid at sa paghiyaw
mo para sa pagkaunawa, 4 kung hinahangad mo
iyon gaya ng pilak at hinahanap iyon gaya ng
natatagong kayamanan, 5 mauunawaan mo ang
pagkatakot kay Yawe at matatagpuan ang kaa-
laman ng Diyos.

6 Si Yawe ang nagbibigay ng karunungan; sa
kanyang bibig nagmumula ang kaalaman at
pagkaunawa. 7 Turong may dunong ang laan
niya sa mga matuwid; kalasag siya ng nagsisi-
lakad na walang kapintasan; 8 iniingatan niya
ang mga landasin ng katarungan at bantay siya
sa daan ng kanyang mga banal.

9 Mauunawaan mo ang pagkamatuwid, ang
katarungan, at ang pagtingin nang pantay –
lahat ng mabuting landas.

10 Mananahan sa puso mo ang karunungan at
aaliwin ng kaalaman ang iyong kaluluwa. 11 Pag-
kabatid ang magiging bantay mo; panganga-
lagaan ka ng pagkaunawa. 12 Ilalayo ka sa daan
ng masama, sa taong may masamang panana-
lita, 13 sa nagsitalikod sa landasin ng pagkama-
tuwid at lumakad sa mga daan ng kadiliman;
14 natutuwa sila sa paggawa ng masama at nalu-
lugod sa kabuktutan; 15 baluktot ang kanilang
mga landas at ligaw ang kanilang mga daan.

16 Ililigtas ka sa babaeng iba sa iyo, sa paka-
walang may matatamis na pananalita, 17 na
tumalikod sa kasama ng kanyang kabataan at
nakalimot sa tipan ng kanyang Diyos.

18 Sa kamatayan nakahilig ang kanyang
bahay at sa lilim naman ng mga patay ang
kanyang mga landas. 19 Di na makakabalik pa
ang magpunta sa kanya ni makasusumpong sa
mga landas ng buhay.

20 Lalakad ka sa daan ng mabubuti at
mananatili sa landas ng mga matuwid. 21 Ang
mga matuwid ang mananahan sa lupa; ang mga
walang kapintasan ang mamamayan doon.

22 Papawiin sa lupain ang masasama at
bubunutin dito ang mga taksil.

3 1 Anak ko, huwag mong lilimutin ang aking
turo; isapuso ang aking mga kautusan
2 pagkat mahahabang araw at mga taon ng
buhay at ginhawa ang hatid sa iyo ng mga ito.

3 Huwag iwaglit ang kagandahang-loob at
katapatan; itali mo ang mga ito sa iyong leeg;
isulat sa tapyas ng iyong puso 4 at makakatagpo
ka ng magandang-loob at mabuting pagpapa-
halaga sa mata ng Diyos at ng tao.

**Magsanay sa karunungan**

• 5 Buong puso kang magtiwala kay Yawe at
huwag sumandal sa sariling bait. 6 Kilalanin mo
siya sa lahat ng iyong mga daan at itutuwid niya
ang iyong mga landas.

7 Huwag magmarunong sa sariling mga

---

karunungan ang ganitong mga dahilan. Ang kapabayaan ay isang uri ng pagbale-wala sa Diyos.

• **2.1** Ipinagsasanggalang ng karunungan ng Diyos ang mga nagmamahal sa kanya laban sa masasamang impluwensiya. Hindi na sila parang dayaming inililipad ng hangin, o sa ating daigdig, isang numerong nawawala sa pulutong, sunud-sunuran sa paghikayat ng midya at ng iba pang pang-aakit ng mundong konsumerista. Nilalabanan nila ang tawag ng mga laseng-go, ng mga babaeng magaslaw at ng mga kabarkadang walang prinsipyo sa buhay.

• **3.5** Tinatalakay sa unang talata ang mga saloobing naghahatid sa karunungan: kababaang-loob, pagiging handang isakripisyo ang hinihingi ng Diyos,

mata; matakot kay Yawe at lumayo sa masama. 8 Hatid nito'y kalusugan ng iyong katawan at sigla ng iyong mga buto.

9 Parangalan si Yawe sa lahat ng meron ka, sa mga unang bunga ng iyong pananim. 10 Kayat masaganang mapupuno ang iyong mga kamalig at aapaw sa bagong alak ang iyong mga sisidlan.

11 Anak ko, huwag mong hamakin ang pagtutuwid ni Yawe o ikabagot ang kanyang pangaral 12 pagkat iwinawasto ni Yawe ang mahal niya, gaya ng ama, ang ikinalulugod na anak.

13 Masaya ang taong nakakatagpo ng karunungan, ang taong nagtatamo ng pagkaunawa. 14 Sapagkat higit sa pilak ang tubo nito at higit sa ginto ang kitang hatid nito. 15 Mas mahalaga siya kaysa mga perlas at di maihahambing sa kanya anumang naisin mo. 16 Mahabang buhay ang nasa kanyang kanang kamay; yaman at dangal naman ang nasa kaliwang kamay niya. 17 Mga kaayaayang daan ang kanyang mga daan; kapayapaan ang lahat niyang daanan.

18 Punungkahoy siya ng buhay sa mga yumayakap sa kanya; pinagpala ang humahawak sa kanya.

19 Sa karunungan itinayo ni Yawe ang sangkalupaan; sa pang-unawa itinatag ang kalangitan. 20 Sa kanyang kaalaman nahati ang kailaliman at pinapatak ng mga ulap ang hamog.

21 Anak ko, mamalagi kang may matinong pagpapasya at pagkabatid; huwag hayaang malingat sa mga ito ang iyong mga mata. 22 Buhay ng iyong kaluluwa ang mga ito at kaakit-akit na ganda sa iyong leeg.

23 At matiwasay kang lalakad sa iyong daan at di matitisod ang iyong paa. 24 Sa iyong paghiga'y di ka matatakot; sa iyong paghiga, mahimbing kang matutulog. 25 Huwag matakot sa biglang pagkasindak ni sa pagkawasak ng masasama sa pagsapit nito. 26 Pagkat si Yawe ang iyong kasiguraduhan at bantay sa iyong paa mula sa patibong.

27 Huwag ipagkait ang mabuti sa mga marapat dito kung maiaabot naman ito ng iyong kamay. 28 Huwag mong sabihin sa iyong kapwa, "Magbalik ka na lang; bukas na kita bibigyan," kung meron ka.

29 Huwag magplano ng masama laban sa iyong kapitbahay na sa iyo nagtitiwala.

30 Huwag makipagtalo sa tao nang walang dahilan kung wala naman siyang ginawang masama sa iyo.

31 Huwag mong kainggitan ang taong marahas ni piliin alinman sa kanyang mga daan.

32 Sapagkat kasuklam-suklam kay Yawe ang taong masama ngunit kapalagayang-loob naman niya ang mga matuwid. 33 Nasa bahay ng buktot ang sumpa ni Yawe ngunit nilalagyan niya ng pagpapala ang tahanan ng mga matuwid.

34 Nililibak nga niya ang mga nanlilibak ngunit magandang-loob siya sa mga mababang-loob. 35 Karangalan ang mamanahin ng marurunong at kahihiyan naman ang mapapala ng mga hangal.

**Ingatan ang iyong landas**

**4** 1 Dinggin, mga anak, ang pangaral ng isang ama, at intindihin upang magkaroon ng pagkaunawa. 2 Binibigyan ko kayo ng mabuting matututuhan kaya huwag n'yong tanggihan ang aking turo.

3 Naging anak din ako sa aking ama, musmos at bugtong na anak sa harap ng aking ina; 4 tinuruan din ako ng ama ko at sinabi niya: Isapuso mo ang aking mga salita; ingatan ang aking mga kautusan at mabuhay ka.

5 Magkamit ng karunungan, magkamit ng pagkaunawa; huwag lumimot ni lumihis sa mga salita ng aking bibig.

---

hindi nasisiraan ng loob kapag *itinutuwid ni Yawe* na ibig sabihi'y dumarating ang mga pagsubok (tingnan ang Heb 12:5 at Pagbubunyag 3:19).

Iginigiit ng Mga Kasabihan ang kahalagahan ng payo, disiplina at pagtutuwid. Ang mamuhay ayon sa sariling kalooban at sariling mga pantasya ay sanhi ng lahat ng klase ng kapahamakan. Inuulit-ulit ito sa Mga Kasabihan (tingnan ang 5:12).

*Iyan ay sa ikabubuti ng iyong katawan.* Tinitiyak sa iyo ng mga aral ng karunungan ang buhay at kagalingan. Pampalusog nga ito pati na sa katawan (3:8 at 4:22).

6 Huwag mo siyang tanggihan at siya ang
magiging bantay mo; mahalin mo siya at
iingatan ka niya.
7 Karunungan ang pinakapangunahin kayat
magkamit ng karunungan, at sa lahat mong
pagsisikap, magkamit ng pagkaunawa.
8 Pahalagahan mo siya at itataas ka niya;
pararangalan ka niya sa pagyakap mo sa kanya.
9 Kaakit-akit na ganda ang ipuputong niya sa
iyong ulo; koronang maningning ang ihaharap
niya sa iyo.
10 Dinggin mo, anak ko, tanggapin ang aking
sinasabi at dadami ang mga taon ng iyong
buhay.
11 Itinuro ko sa iyo ang daan ng karunungan at
inakay kita sa mga tuwid na landas.
12 Sa paglakad mo, di hahadlangan ang iyong
mga hakbang, at sa iyong pagtakbo, di ka
matatapilok.
13 Kumapit nang mahigpit sa pagtutuwid at
huwag siyang pakakawalan; bantayan mo
siyang mabuti pagkat siya ang iyong buhay.
14 Huwag kang tumuntong sa landas ng mga
tampalasan at huwag lumakad sa daan ng ma-
sasama. 15 Iwasan ito, huwag itong lakaran; tali-
kuran at lampasan. 16 Di sila nakakatulog hang-
ga't di gumagawa ng masama; naaagaw ang
kanilang tulog kapag wala silang napapabuwal.
17 Tinapay ng kabuktutan ang kanilang kinakain
at alak ng karahasan ang iniinom.
19 Pusikit na karimlan ang daan ng masasa-
ma at di nila alam kung ano ang kanilang
katitisuran. 18 Tulad naman ng ningning ng bu-
kanliwayway ang landas ng mga matuwid, na
higit na nagliliwanag hanggang katanghalian.
20 Anak ko, intindihin ang aking mga salita;
ibaling ang iyong tenga sa aking sasabihin.
21 Huwag iwaglit sa iyong mga mata ang mga ito;
ingatan at isapuso. 22 Pagkat buhay ang mga ito
sa mga nakakatagpo, at kalusugan ng buo
nilang katawan.
• 23 Higit sa lahat, bantayan mo ang iyong
puso pagkat dito nagmumula ang bukal ng
buhay. 24 Iwaksi sa sarili, bibig na sinungaling;
ilayo sa iyo mga labing tampalasan.
25 Itingin nang deretso ang iyong mga mata at
ituon ang paningin sa harap mo. 26 Tiyakin mo ang
daraanan ng iyong mga paa at magiging matatag
ang lahat mong daan. 27 Huwag lumiko sa kanan
o sa kaliwa; iiwas ang iyong paa sa kasamaan.

**Mag-ingat sa pakikiagulo**

5 1 Anak ko, intindihin mo ang aking karu-
nungan, ibaling ang iyong tenga sa aking
naunawaan 2 at magkakaroon ka ng pagkabatid
at mananatili ang kaalaman sa iyong mga labi.
3 Pulot-pukyutan ang tumutulo sa mga labi
ng babaeng nakikiapid at madulas pa sa langis
ang kanyang pangungusap 4 ngunit hantungan
niya'y simpait ng apdo, sintalas ng tabak na
magkabilang talim.
5 Palusong sa kamatayan ang kanyang mga
paa at palapit sa lugar ng mga patay ang kan-
yang mga hakbang. 6 Di niya pansin ang daan ng
buhay; mga landasin niya'y paliku-liko na di
naman niya namamalayan.
7 At ngayon, O aking anak, makinig ka sa
akin, at huwag lumayo sa mga salita ng aking
bibig.
8 Ilayo sa kanya ang iyong daan at huwag
lumapit sa pintuan ng kanyang bahay. 9 Kung
hindi'y sa iba mo ibibigay ang iyong karangalan,
at sa malupit ang iyo namang mga taon; 10 kung
hindi'y mga dayuhan ang magtatamasa ng
iyong kasaganaan at sa bahay ng iba mauuwi
ang iyong mga pinagpaguran.
11 Daraing ka sa dakong huli kung ubos na
ang laman mo at katawan, 12 at sasabihin mo:
"Labis kong kinamuhian ang pagtutuwid at
hinamak ang pangaral sa aking puso! 13 Di ko
sinunod ang tinig ng aking mga guro, hindi ko
pinakinggan ang mga nagturo sa akin. 14 Sa
piling ng pamayanan at ng pagtitipon, nasa
bingit ako ng tanang kapahamakan.
• 15 Uminom ka ng tubig mula sa sarili
mong ipunan at ng bumubukal na tubig
mula sa sarili mong balon. 16 Kakalat ba
ang iyong mga bukal sa labas at aapaw
ang iyong mga tubig sa mga liwasan?
17 Sa iyo lamang sana ang mga iyon at di
sa ibang mga kasama mo.

---

• **4.**23 *Higit sa lahat, pag-ingatan ang iyong puso sapagkat ito ang pinanggagalingan ng buhay.* Huwag nating kalimutan na sa Biblia, ang kahulugan ng "puso" ay lahat ng nasa kalooban ng tao: ang kanyang konsiyensya, mga adhikain, mga sariling pamantayan. Ito'y isang panawagan na huwag payagan ang sariling matangay ng aktibismo, o isara ang ating mata sa isang aspeto ng ating ugali, na suriin sa ating mga motibo kung saan ang ating mabuting intensyon ay napakadaling haluan ng ibang di-gaanong mabuti. Ang lahat ay dapat isailalim sa liwanag ng pananampalataya.

• **5.**15. *Uminom ng tubig ng iyong sariling tapayan.* Maging responsable sana muna ang tao sa kanyang buhay-may-asawa. Tinatalakay sa kabanatang ito

18 Pagpalain nawa ang iyong bukal at
magalak ka sa kabiyak ng iyong kaba-
taan, 19 magandang babaeng usa, kaakit-
akit na usa. Bigyang-kasiyahan ka nawa
tuwina ng kanyang dibdib at mag-alab
nawang lagi sa kanyang pag-ibig.
20 Ba't ka mabibighani, anak ko, sa
babaeng mapakiapid? Ba't yayakapin
ang kandungan ng babae ng iba? 21 Nasa
harap ng mga mata ni Yawe ang mga
daan ng tao at pinagmamasdan niya lahat
ng kanyang mga landas.
22 Nabibitag mismo sa sariling kasa-
maan ang tampalasan at iginagapos siya
ng mga tali ng kanyang kasalanan. 23 Ma-
mamatay siya nang walang pagtutuwid at
ililigaw siya ng labis niyang kahangalan.

**6** • 1 Anak ko, kung naging tagapanagot ka
para sa iyong kapwa at nakipagkamay
bilang pangako sa isang dayuhan, 2 kung nata-
lian ka ng mga salita ng iyong bibig, nahuli sa
mga salita ng iyong bibig, 3 gawin mo ito, anak
ko, upang mapalaya ang sarili dahil nahulog ka
sa mga kamay ng iyong kapwa. Pumunta ka sa
kanya, manikluhod at magsumamo. 4 Huwag
bigyan ng tulog ang iyong mata, huwag pahim-
layin ang iyong mga talukap. 5 Palayain mo ang
sarili gaya ng gasela mula sa pagkahawak dito,
tulad ng ibon mula sa kamay ng nanghuhuli.

**Ang tamad at ang hangal**

6 Puntahan mo't tingnan ang langgam, O
tamad; isipin mo ang kanyang mga daan at
maging marunong ka. 7 Wala itong opisyal,
kapatas o pinuno, 8 pero nag-iimbak ito ng pag-
kain sa tag-araw at sa tag-ani'y nag-iipon ng
makakain.
9 Hanggang kailan ka hihilata riyan, tamad?
Kailan ka babangon mula sa pagkakatulog?
10 Katiting na tulog, maikling pagkaidlip, ba-
hagyang pagdadaup-palad upang humimlay
11 at daratnan ka ng karukhaan gaya ng mag-
nanakaw, ng karalitaan gaya ng taong sanda-
tahan.
12 Nagpapagalagalang may bunganga ng
kabulukan ang walang-kuwenta, ang buktot na
tao. 13 Kumikindat siya, nagbibigay-hudyat ang
kanyang mga paa, sabay turo ng kanyang mga
daliri. 14 Kabuktutan ang nasa kanyang puso;
kasamaan ang lagi niyang pakana, sa tuwina'y
naghahasik siya ng gulo. 15 Kayat bigla siyang
daratnan ng kapahamakan; bigla siyang mawa-
wasak nang walang kalunas-lunas.
16 Anim na bagay ang kinamumuhian ni
Yawe, pito ang kasuklam-suklam sa kanyang
kalooban: 17 mga matang palalo, dilang sinu-
ngaling, mga kamay na nagpapadanak ng dugo
ng walang sala, 18 pusong masama ang mga
pakana, mga paang nagdudumali sa kasa-
maan, 19 bulaang saksi na mga kasinungalingan
ang sinasabi, at taong naghahasik ng alitan sa
magkakapatid.
20 Anak ko, tupdin mo ang utos ng iyong ama
at huwag talikdan ang turo ng iyong ina. 21 Isa-
puso mong lagi ang mga iyon at ikuwintas sa
iyong leeg. 22 Aakayin ka ng mga iyon sa iyong
paglakad, babantayan ka sa iyong paghimlay at
kakausapin sa iyong paggising.
23 Tanglaw ang kautusan at liwanag ang pag-
tuturo; daan ng buhay ang mga pangaral ng
pagtutuwid. 24 Bantay itong mag-iingat sa iyo
mula sa masamang babae, mula sa matamis na
dila ng asawang pakawala. 25 Huwag mong
pagnasahan ang kanyang alindog sa iyong puso
at huwag kang pabihag sa kanyang mga pilik-
mata. 26 Pagkat katumbas ka lamang ng isang
buong tinapay para sa prostituta ngunit mis-
mong buhay mo naman ang nilalapa ng asawa
ng iba.
27 Makakandong ba ng lalaki ang apoy nang

---

ang kinahihinatnan ng kahalayan. Inaanyayahan din nito ang lalaki na pahalagahan ang matamis na pagsasama nila ng kanyang asawa at maging "nobyo" pa rin ng kanyang asawa pagkalipas ng maraming taon: *palaging magkaroon ng pag-ibig sa kanya.*

Kakatwa na sa panahon natin, kailangan pang ipaalaala ang mga bagay na ito sa isang masaganang lipunan na ang pagtataksil sa asawa ay pinapupurihan na wari ba'y pinadadami nito ang posibilidad ng pagligaya at pagkatagpo sa sarili. Ang paghamak sa katapatan at sa pamilya ang unang sanhi ng pagkamatay ng bansa: kumakaunti ang mga bata at pagkamakasarili ang naghahari. Alam ng Biblia na mararating la-mang ng mga tao ang kaganapan kung susundin nila ang batas, at naghahatid lamang ng pang-hihina ng naunsiyaming puso ang kahalayan.

• **6**.1 Narito ang iba't ibang uri ng payo.

6:1-5. Ang taong responsable, na lubos na mapagbigay nga at matulungin, ay lagi pa ring mag-iisip muna bago italaga ang sarili.

6:9-11. May mapupulot na aral sa mga bersikulong ito at sa 26:14 ang tamad bumangon.

Pagkatapos ng bahaging ito, matatagpuan ang isang mahabang pagtalakay sa mga bunga ng pakikiapid kaalinsabay ng buhay na puno ng kasinungalingan at pagkaalipin.

di natutupok ang kanyang kasuotan? 28 Maka-
lalakad ba siya sa mainit na baga nang di
napapaso ang kanyang mga paa? 29 Gayon din
naman ang sumisiping sa asawa ng kanyang
kapwa: di inosente sinumang gumalaw sa
babaeng iyon.

30 Hindi minamata ng mga tao ang nagna-
nakaw para mabusog sa matindi niyang gutom.

31 At kung mahuli siya, makapitong ulit
siyang magbabayad; ibibigay niya lahat man ng
laman ng kanyang bahay. 32 Walang bait sa sarili
ang nakikiapid! Sarili ang winawasak ng sinu-
mang gumagawa niyon. 33 Mga sugat at pagka-
pahiya ang kanyang mapapala, at di na mapa-
pawi ang kanyang kahihiyan.

34 Selos ang nagpapaapoy sa galit ng lalaking
kabiyak kayat wala siyang iindahin sa araw ng
paghihiganti.

35 Bale-wala sa kanya anumang bayad-
pinsala; di rin maglulubag ang loob niya gaano
man kalaki ang suhol.

**7** 1 Anak ko, ingatan mo ang aking mga salita
at isaloob ang aking mga kautusan. 2 Inga-
tan mo ang aking mga kautusan at mabubuhay
ka; bantayan ang aking turo gaya ng balintataw
ng iyong mata. 3 Itali ang mga ito sa iyong mga
daliri; isulat sa tapyas ng iyong puso. 4 Sabihin
mo sa karunungan, "Kapatid kita," at tawagin
mong kamag-anak ang pagkaunawa 5 at magi-
ging bantay mo sila at iingatan ka mula sa
babaeng mapakiapid, sa asawang pakawala na
may mapanggayumang pananalita.

6 Nang sumilip ako sa siwang sa bintana ng
aking bahay, 7 nakita ko sa piling ng mga kara-
niwan, napansin ko sa piling ng mga kabataan,
isang binatang walang bait. 8 Naglalakad siya sa
lansangan, malapit sa panulukan ng bahay ng
babae; ang daan patungo roon ang kanyang
nilakad. 9 Takipsilim na – dapithapon – at ku-
makalat dilim ng gabi. 10 At hayun, sinalubong
siya ng isang babaeng nakadamit na parang
prostituta at may tusong kalooban.

11 Magaspang siyang kumilos, hindi marunong
mahiya, di tumitigil ng bahay ang kanyang mga
paa. 12 Ngayo'y nasa labas siya, mayamaya'y
nasa mga liwasan at nag-aabang sa bawat kanto.

13 Niyakap niya ang binata, hinagkan, at
panatag ang mukha na sinabi: 14 "May ipina-
ngako akong iaalay na handog; sa araw na ito ko
natupad ang aking panata 15 kaya lumabas ako
para salubungin ka. Hanap-hanap ko ang iyong
mukha at natagpuan kita. 16 Makukulay na ku-
brekamang linen ng Ehipto ang inilatag ko sa
aking kama; 17 pinabanguhan ko ng mira, aloe at
kanela ang aking higaan. 18 Halika, magpaka-
lasing tayo sa pag-ibig hanggang umaga; mag-
pakasarap tayo sa pagmamahalan. 19 Wala sa
bahay ang asawa ko; malayo ang kanyang
pinuntahan. 20 Isang supot na pera ang dala niya
at sa kabilugan pa ng buwan ang kanyang uwi."

21 Bumigay ang lalaki dahil sa nakakabighani
niyang pangungusap; naakit niya iyon sa ma-
panggayuma niyang pananalita.

22 Agad na sumunod sa kanya ang lalaki,
gaya ng bakang kakatayin, gaya ng usang
nahuli sa silo, 23 hanggang sa matudla ng palaso
ang kanyang atay; para siyang ibong sumu-
sugod sa bitag nang di namamalayang buhay
niya ang katumbas.

24 Kaya dinggin n'yo ako ngayon, mga anak, at
intindihin ang mga salita ng aking bibig. 25 Huwag
sanang mahulog ang loob mo sa kanyang mga
daan o maligaw sa kanyang nilalandas. 26 Marami
na ang kanyang naisadlak na sugatan; marami
nang makapangyarihan ang kanyang pinatay.
27 Daan sa lugar ng mga patay ang kanyang
bahay, palusong sa mga silid ng kamatayan.

**Tumatawag ang karunungan**

**8**

• 1 Di ba't tumatawag ang karunungan?
2 Di ba't nagtataas ng kanyang tinig ang pagkaunawa?
Sa matataas na lugar sa tabi ng daan,
sa mga sangandaan siya tumatayo;
3 sa mga pintuan, sa pagpasok sa lunsod,
sa mga pasukan siya sumisigaw:

---

• **8.1** Muling nagsasalita sa tulang ito ang Karunungan. Nauunawaan natin na ang Karunungang ito ay walang iba kundi ang karunungang napapaloob sa mga aklat ng Biblia.

Hindi mga titik na patay ang mga salita ng Biblia pagkat may kung anong taglay ang mga ito mula sa Diyos, na nagbibigay-buhay sa tao. (Sasabihin din ni Jesus na binhi ang salita ng Diyos.)

Nakalista ang lahat ng pakinabang na matatanggap ng isang masugid na nagbabasa ng Biblia: ang una'y ang takot sa Diyos, o pagpapahalaga sa Diyos nang higit sa lahat. At ikalawa'y kaalamang nagbibigay-kakayahan sa

[4] "Kayong mga lalaki ang tinatawag ko;
ang tinig ko'y sa mga anak ni Adan.
[5] O mga mangmang, magkaroon ng hinahon;
mga hangal, magkaroon ng pagkaunawa sa inyong puso.
[6] Makinig pagkat mahalaga ang aking sasabihin
at matuwid ang pagbuka ng aking mga labi.
[7] Katotohanan ang bibigkasin ng aking bibig;
ang masama'y kasuklam-suklam sa aking mga labi.
[8] Matuwid ang lahat ng salita ng aking bibig;
wala isa mang baluktot o masama.
[9] Sa nakauunawa, tumpak ang lahat ng ito
at matuwid sa mga nakakatagpo ng kaalaman.
[10] Tanggapin n'yo ang aking pangaral kaysa pilak
at ang kaalaman kaysa piling ginto
[11] pagkat mas mahalaga kaysa perlas ang karunungan
at walang katulad sa lahat ng puwede mong nasahin.
[12] Ako, si Karunungan, ay nananahang kasama ng kahinahunan,
at sumasaakin ang kaalaman at pagpapasya.

[13] Pagkamuhi sa masama ang pagkatakot kay Yawe.
Namumuhi ako sa kapalaluan at kayabangan,
sa masasamang gawi at masamang pananalita.
[14] Akin ang payo at wastong pagpapasya,
ako ang pagkaunawa, nasa akin ang lakas.
[15] Sa pamamagitan ko namumuno ang mga hari
at matuwid ang itinatadhana ng mga pinuno;
[16] sa pamamagitan ko namamahala ang mga prinsipe,
ang mga maharlika at lahat ng namumuno sa kalupaan.
[17] Mahal ko ang mga may pagmamahal sa akin
at matatagpuan ako ng mga naghahanap sa akin.
[18] Nasa akin ang kayamanan at karangalan,
malawig na yaman at kasaganaan.
[19] Higit pa sa ginto, sa dalisay na ginto ang aking bunga;
higit pa sa piling pilak ang aking ani.
[20] Lumalakad ako sa daan ng pagkamatuwid,
sa landasin ng katarungan.
[21] Yaman ang iginagawad ko sa mga nagmamahal sa akin
at pinupuno ko ang kanilang mga kabang-yaman.

**Binuo ako ni Yawe sa pasimula**

• [22] Iniluwal ako ni Yawe sa pasimula ng kanyang gawa;
una pa sa kanyang mga ginawa noong una.

---

atin na mamuno sa mga tao at panindigan ang mga pananagutan. At ang huli'y, tagumpay sa buhay.

Iniisip ng maraming kabataan at matatandang hindi nakapag-aral na lagi silang magiging mababa kaysa iba. Naniniwala sila na hindi nila kayang mag-apostolado at tumulong sa kapwa. Dapat nilang malaman na ang regular na pag-aaral ng Biblia ay hindi lamang magpapalakas ng kanilang pananampalataya, kundi ito ang magiging umpisa ng pagkatuto ng tao at magbibigay-kakayahan sa kanilang gumabay sa iba.

23 Itinatag na ako mula sa walang-hanggan,
mula sa simula, bago pa nagsimula ang kalupaan.
24 Noong wala pang karagatan, sumilang ako,
noong wala pang mga bukal na sagana sa tubig;
25 bago pa nailagay ang mga bundok,
bago pa man sa mga burol, ako'y sumilang na,
26 bago pa niya ginawa ang lupa o mga dako sa labas
o ang nangaunang alabok ng daigdig.
27 Naroon na ako nang ilatag niya ang kalangitan,
nang bilugan niya ang harap ng kalaliman,
28 nang itatag niya ang mga ulap sa itaas,
nang patatagin niya ang mga bukal ng kalaliman,
29 nang bigyan niya ng hanggahan ang dagat
upang di lumampas ang tubig sa kanyang iniutos,
nang itakda niya ang mga haligi ng sangkalupaan.
30 Noo'y katabi niya ako na punong tagapagtayo;
ako ang kanyang lugod sa araw-araw,
na laging nagagalak sa kanyang harapan,
31 nagagalak sa kanyang sandaigdigan
at nalulugod sa mga anak ni Adan.
32 Ngayon, mga anak, dinggin ako;
mapalad ang mga nananatili sa aking mga daan.
33 Makinig sa pangaral ko at maging marunong,
at huwag itong bale-walain.
34 Mapalad ang taong sa akin ay nakikinig,
nagbabantay araw-araw sa aking tarangkahan,
nag-aabang sa bungad ng aking pintuan.
35 Buhay ang natatagpuan ng nakakatagpo sa akin,
at sasakanya ang kagandahang-loob ni Yawe.
36 Sarili naman ang pinipinsala ng nagkakasala sa akin;
umiibig sa kamatayan ang lahat ng namumuhi sa akin."

---

• 22. *Nilikha ako ni Yawe, sa pagsisimula ng kanyang gawain.* Pansinin ang matulaing paraan ng pagpapakilala sa karunungan, na waring isang tao ito, na parang anak na babae ng Diyos: *Naglalaro ako sa kanyang harapan; naglalaro sa sangkalupaan.* Napapaloob sa ganitong mga paglalarawan ang isang karanasan sa Diyos sa mga huling dantaon bago kay Kristo.

Matagal na panahon nang iginigiit ng Biblia na iisa lamang ang Diyos, at wala siyang pakialam sa dimabilang na mga diyos ng mga pagano. Subalit ngayon, nadarama ng sumasampalataya na may kung anong kulang sa kaalaman niya tungkol kay Yawe. Paano magiging bukal ng buhay at pag-ibig ang Diyos kung nakukulong siya sa kanyang pag-iisa? Salamat sa Biblia, na-lalaman ng sumasampalataya na bukod sa pagi-ging Diyos na Banal at Kataas-taasan, kapiling pa rin si Yawe at buhay sa kanyang bayan, gaya halimbawa sa Templo at sa Ulap. At inihahayag niya ang kanyang sarili sa mga propetang pinadadalhan niya ng kanyang Espiritu.

Kaya sa mga huling aklat ng Matandang Tipan, pinag-uusapan ang tungkol sa *Espiritu, Karunungan, Kapangyarihan*, at *Kalinga* ng Diyos na para bang ang mga ito'y parehong sa Diyos at iba rin sa kanya, parang mga tauhang nakikibahagi sa mahiwagang buhay ng Diyos, at sa pamamagitan nila'y nakikisangkot ang Diyos sa buhay ng tao.

Isa itong paraan ng paghahanda sa dakilang paghahayag na magaganap sa pagdating ni Jesus. May tatlong Persona sa Diyos, at mula sa simula'y kaisa na ng Ama ang kanyang walang-hanggang Anak na "sa pamamagitan niya ginawa ang lahat ng bagay", at dumating upang mamuhay sa piling ng mga tao (tingnan ang Jn 1:1-4; Col 1:15 at Heb 1:2-3).

Kayat ang Karunungan ay isang larawan ni Kristo. Pero natutuhan din ng mga Kristiyano na ituring ito bilang larawan ng kanilang inang si Maria. Sa katuna-

**Nag-aanyaya ang Karunungan sa kanyang hapag**

**9** • [1] Itinayo ni Karunungan ang kanyang bahay;
tinapyas niya ang kanyang pitong haligi.
[2] Nagkatay siya ng kanyang mga hayop, nagtimpla ng kanyang alak;
inihanda rin niya ang kanyang hapag.
[3] Isinugo niya ang kanyang mga katulong
at tumatawag siya mula sa pinakamatataas na lugar ng lunsod:
[4] "Dito kayo tumuloy, kayong mga mangmang."
Sinasabi naman niya sa mga walang bait sa sarili:
[5] "Halikayo't kumain ng tinapay
at uminom ng alak na aking tinimpla.
[6] Talikuran ang kamangmangan at mabuhay;
lumakad sa daan ng pagkaunawa.

[7] Kahihiyan ang napapala ng nagtutuwid sa
mapanlibak at paglapastangan naman ang
nakakamit ng nangangaral sa taong masama.
[8] Huwag mong pangaralan ang nanlilibak, kung
hindi'y kamumuhian ka niya; pangaralan mo
ang taong marunong at mamahalin ka naman
niya. [9] Bigyan mo ang marunong at dudunong
pa siya; turuan mo ang matuwid at madarag-
dagan ang kanyang pagkatuto.

[10] Ang pagkatakot kay Yawe ang simula ng
karunungan; ang pagkaunawa ang pagkaalam
sa Banal. [11] Dahil sa akin dadami ang iyong
mga araw at madaragdagan ng mga taon ang
iyong buhay. [12] Kung marunong ka, ang karu-
nungan mo mismo ang siya mong pakinabang;
kung nanlilibak ka naman, mag-isa kang mag-
durusa.

[13] Mabunganga si Ginang Kahangalan,
mangmang at walang alam. [14] Nauupo siya sa
may pintuan ng kanyang bahay, sa upuang nasa
pinakamataas na lugar sa siyudad [15] para
tawagin ang mga nagdaraang patuloy sa
kanilang mga landas: [16] "Dito kayo tumuloy,
kayong mga mangmang!" At sinasabi naman
niya sa mga walang bait sa sarili:
[17] "Matamis ang nakaw na tubig at masarap
ang tinapay na kinakain nang lihim."
[18] Ngunit wala silang kamuwang-muwang na
naroon ang mga patay at nasa kailaliman pala
ng luger ng mga patay ang kanyang mga
panauhin.

---

yan, higit sa sinumang nilalang, si Maria ang mula't mula'y nasa plano na ng Diyos. Karapat-dapat siyang tawaging "Luklukan ng Karunungan" sapagkat ganap siyang nakipag-isa sa kanyang Anak, ang Karunungan ng Diyos.

*Mapalad ang nakikinig sa akin.* (34) Ganito ang sinasabi ng Karunungan ng Diyos sa baguhang nag-uumpisa pa lang humakbang sa paghahanap ng karunungan.

Sino ang baguhang ito? Siya marahil iyong nagpalista para matutong bumasa at sumulat dahil gusto niyang mapabuti ang kanyang kalagayan. O, iyong nagsasakripisyo ng kanyang mga araw ng pahinga para magseminar tungkol sa mga unyon upang mas mapaglingkuran niya ang kanyang mga katrabaho. O, iyong nag-aaral sa gabi pagkatapos ng trabaho. O, iyong hindi natutulog hangga't silang mag-asawa'y hindi muna nakapagbabasa ng Biblia. Sa Diyos mismo galing ang karunungang makukuha mo. Siya ang bukal ng tanang katotohanan at tinatawag niya ang tao na makibahagi sa kanyang karunungan.

Maaaring hindi marating ng istudyanteng ito ang napakataas na kaalaman, ni makapagtapos sa mundong ito. Hindi bale. Sapagkat nagpasya siyang mamuhay na mas responsable at paunlarin ang kanyang kakayahan bilang tao, itinuturing siya ng Diyos na isa sa kanyang mga anak, at balang araw, ibibigay nito sa kanya ang tunay na karunungan na nasa Diyos.

Dalawang magkatulad na teksto ang matatagpuan natin sa Kar 7:21 at Sir 24:5.

• **9.**1 Madali nating makikita ang larawan ni Kristo sa ilang bersikulong ito. Ang Karunungan ang larawan ng Anak ng Diyos.

Makikita natin sa Mateo 22:4 ang paanyaya sa bangkete. Tinatawag ang lahat, mayaman at mahirap, ang matino pati na ang hangal, na magbagong-buhay.

Ang tinapay at alak na ibinibigay ng Karunungan ay magiging katawan at dugo ni Jesus pagdating ng araw (tingnan ang Jn 6).

Lagi nating kapiling ang Diyos sa ating buhay. Ibinibigay niya ang kanyang sarili at pinakakain ang tao. Inaanyayahan niya tayong buksan ang ating mga palad upang kunin ang kanyang iniaalok. Ibinibigay niya sa atin araw-araw ang kailangan natin para malutas ang mga problema ng sangkatauhan sa ngayon.

## IKALAWANG BAHAGI: ANG MGA KASABIHAN NI SOLOMON

**10** • 1 Kagalakan ng ama ang marunong na
anak at kapighatian naman ng kanyang
ina ang anak na hangal.
2 Walang silbi ang kayamanang nakamit sa
masama; ang pagkamatuwid ang nagliligtas
mula sa kamatayan.
3 Hindi pinababayaan ni Yawe na magutom
ang matuwid ngunit sinisiphayo niya ang pag-
nanasa ng masasama.
4 Karukhaan ang napapala ng may tamad na
palad; kayamanan naman ang gawa ng kamay
na masipag.
5 Anak ng karunungan ang nag-iipon ng ani
sa tag-araw ngunit ang natutulog sa panahon ng
anihan ay anak na kahihiyan ang hatid.
6 Pagpapala ang nakaputong sa ulo ng ma-
tuwid at karahasan naman ang nakatakip sa
bibig ng masasama.
7 Isang pagpapala ang alaala ng matuwid;
mabubulok naman ang ngalan ng masasama.
8 Tinatanggap ng pusong marunong ang mga
kautusan ngunit ibabagsak ang may mga labing
hangal.
9 Matatag ang lakad ng lumalakad nang
matuwid; mabubuko naman ang bumabaluktot
sa kanyang mga daan.
10 Gulo ang inihahatid ng kumikindat at pagka-
wasak ang sinasapit ng may mga labing hangal.
11 Bukal ng buhay ang bibig ng matuwid;
karahasan naman ang nakatakip sa bibig ng
masasama.
12 Pagkamuhi ang nagbubunsod ng mga ali-
tan ngunit pinagtatakpan ng pag-ibig ang lahat
ng kamalian.
13 Nasa labi ng may pang-unawa ang karu-
nungan at pamalo naman ang para sa likod ng
walang bait sa sarili.
14 Kaalaman ang iniipon ng marurunong ngu-
nit palapit naman sa kapahamakan ang bibig ng
hangal.
15 Matatag niyang lunsod ang yaman ng ma-
yaman ngunit kapahamakan ng mga dukha ang
kanilang karukhaan.
16 Sa buhay ang hatid ng gawa ng matuwid; sa
kaparusahan naman ang kita ng masasama.
17 Nasa daan ng buhay ang tumatanggap ng
pagtutuwid; naliligaw naman ang bumabale-
wala sa pangaral.
18 Mga labing sinungaling ang nagkukubli ng
poot; hangal ang naninirang-puri.
19 Di kukulangin sa pagkakasala ang mara-
ming salita ngunit marunong ang pumipigil sa
kanyang mga labi.
20 Piling pilak ang dila ng matuwid; halos
bale-wala naman ang puso ng masasama.
21 Marami ang pinakakain ng mga labi ng
matuwid ngunit namamatay ang mga hangal sa
kawalan ng bait.
22 Pagpapala ni Yawe ang nagpapayaman at
walang maidaragdag dito anumang pagsisikap.
23 Parang laro lamang sa hangal ang magpa-
kana ng masama; karunungan naman ang sa
taong may pang-unawa.
24 Sasapit sa kanya ang pinangangambahan
ng masama; ipagkakaloob naman ang ninanais
ng matuwid.
25 Sa pagdaan ng unos, wala na rin ang masama
ngunit matatag magpakailanman ang matuwid.
26 Kung ano ang suka sa mga ngipin at ang
usok sa mga mata, gayon din ang batugan sa
mga nagsugo sa kanya.
27 Nagpapahaba ng buhay ang pagkatakot kay
Yawe; paiikliin naman ang mga taon ng masasama.
28 Magiging kagalakan ang pag-asa ng mga
matuwid ngunit maglalaho ang inaasahan ng
masasama.

---

• **10.**1 Narito ang pinakamatandang bahagi ng aklat ng Mga Kasabihan. Isang koleksyon ito ng mga kasabihan at mga salawikain na ipina-palagay na galing kay Haring Solomon (kabanata 11-22). Kasunod naman nito ang mga kasabihang may ibang pinanggalingan. Tingnan ang 22:17; 24:23; 25:1; 30:1; at 31:1.

Mas angkop na bigyang-diin sa bahaging ito kaysa alinman na ang mga salita ng Biblia ay kapwa Salita ng Diyos at mga salita ng tao. Bilang salita ng Diyos, ang mga kasabihang ito ay laging may halagang magbabala at may lakas na magturo. Pero salita rin ng tao ang mga ito – mga butil ng karunungang inipon ng isang matandang bayan mula sa isang karanasang iba kaysa atin. Kayat hindi natin maaasahan sa mga ito ang Kristiyanong kaalaman na sa darating na panahon pa makukuha sa plano ng Diyos. Mahusay siyang guro at gumugol siya ng maraming siglo para mabigyan ng karunungan ang kanyang bayan.

Ipinahihiwatig ng mga kasabihang ito ang mga katangiang angkop sa taong responsable:

– Napaghahandaan ang darating, kayang kontrolin ang sarili, may kakayahang magtiyaga sa kanyang asal, at hindi tamad.

– Maingat at hindi basta nagtitiwala kaninuman (tingnan ang 12:23; 14:6; 14:15; 25:17).

– Makatarungan at marunong magpatawad (28:2; 31:8; 21:26; 25:21).

– Kayang pigilan ang kanyang dila (1:3).

– Marunong magtuwid sa kanyang mga anak (13:1).

29 Takbuhan ng matuwid ang daan ni Yawe ngunit pagkawasak ito para sa mga gumagawa ng masama.

30 Hinding-hindi matitinag ang matuwid ngunit hindi mananahan sa lupa ang masasama.

31 Karunungan ang namumutawi sa bibig ng matuwid ngunit puputulin ang baluktot na dila.

32 Alam ng mga labi ng matuwid ang marapat; kabaluktutan naman ang sa bibig ng masasama.

**11**

1 Kasuklam-suklam kay Yawe ang madayang timbangan; kalugud-lugod sa kanya ang tumpak na timbang.

2 Sa pagdating ng kapalaluan, dumarating din ang kahihiyan; kasama naman ng kapakumbabaan ang karunungan.

3 Ang katapatan ng mga matuwid ang pumapatnubay sa kanila ngunit ang panlilinlang ng mga salawahan ang wawasak sa kanila.

4 Walang silbi ang kayamanan sa araw ng poot; ang pagkamatuwid ang nagliligtas mula sa pagkamatay.

5 Ang pagiging matuwid ng walang-sala ang nagtutuwid sa kanyang daan; nabubuwal naman ang masama sa sarili niyang kasamaan.

6 Ang pagiging matuwid ang nagliligtas sa mga matuwid; nabibitag naman ang mga salawahan sa sarili nilang masasamang pagnanasa.

7 Sa pagkamatay ng taong masama, naglalaho ang kanyang pag-asa; nauuwi sa wala, lahat niyang inaasahan sa kanyang lakas.

8 Naliligtas sa gulo ang matuwid ngunit pinapasok naman ito ng masama.

9 Winawasak ng bibig ng walang-Diyos ang kanyang kapwa; naliligtas naman ang mga matuwid dahil sa kaalaman.

10 Kapag napapabuti ang mga matuwid, nagagalak ang lunsod; may masaya namang hiyawan sa pagkapuksa ng masasama.

11 Ipinagbubunyi ang lunsod dahil sa pagpapala sa mga matuwid; nawawasak naman ito dahil sa bibig ng masasama.

12 Humahamak sa kanyang kapwa ang walang bait; tumatahimik naman ang taong nakakaunawa.

13 Nagsisiwalat ng mga lihim ang naghahatid ng tsismis ngunit inililihim iyon ng may diwang mapagkakatiwalaan.

14 Bumabagsak ang bansa sa kawalan ng patnubay; nasa pagdami naman ng mga tagapayo ang kasiguraduhan.

15 Pagdurusa ang napapala ng gumagarantiya para sa iba at matiwasay naman ang ayaw managot nang gayon.

16 Parangal ang para sa babaeng kaakit-akit; pagyaman ang para sa mga lalaking walang pakundangan.

17 Para sa sariling kapakanan ang gawa ng taong may magandang-loob; sarili naman ang pinipinsala ng taong malupit.

18 Huwad na sahod ang kinikita ng masama ngunit totoong gantimpala meron ang naghahasik ng pagkamatuwid.

19 Buhay ang hantungan ng matuwid na pamumuhay; kamatayan naman ang hanap ng naghahanap ng masama.

20 Kasuklam-suklam kay Yawe silang may buktot na puso ngunit ikinalulugod niya silang matuwid sa kanilang daan.

21 Tiyak na di inosente ang masama ngunit maliligtas naman ang supling ng mga matuwid.

22 Isang gintong singsing sa nguso ng baboy, ganyan ang isang magandang babae na wala namang bait.

23 Kabutihan lamang ang hangad ng mga matuwid; poot naman ang siyang inaasahan ng masasama.

24 May namimigay ngunit lalo namang yumayaman; meron namang di matuwid ang pagtitipid ngunit sa pagdarahop ito nauuwi.

25 Mananagana ang may magandang-loob at mismong sarili rin niya ang pinagiginhawa ng nagdidilig.

26 Isinusumpa ng bayan ang nagkakait ng mga butil; pagpapala naman ang putong sa ulo ng nagtitinda nito.

27 Tatanggap ng kagandahang-loob ang naghahanap ng mabuti; daratnan din naman ng masama ang naghahanap nito.

28 Babagsak ang umaasa sa kanyang mga kayamanan; sisigla namang gaya ng luntiang dahon ang matuwid.

29 Hangin ang mamanahin ng nanggugulo sa sarili niyang pamamahay; magiging lingkod naman ng may pusong marunong ang hangal.

30 Punungkahoy ng buhay ang bunga ng matuwid; buhay naman ang kinikitil ng marahas.

31 Kung sinusuklian sa lupa ang matuwid, gaano pa ang masama at makasalanan!

**12**

1 Nagmamahal sa kaalaman ang nagmamahal sa pagtutuwid; tanga ang namumuhi sa pangaral.

2 Pinagmamagandahang-loob ni Yawe ang mabuti ngunit hinahatulan niya ang taong nagpapakana ng masama.

3 Walang kapanatagan ang tao sa kasamaan; wala namang makabubunot sa pagkakaugat ng matuwid.

4 Korona ng kanyang kabiyak ang ulirang maybahay; para namang pagkabulok ng mga buto ang asawang kahihiyan ang hatid.

5 Makatuwiran ang iniisip ng mga matuwid;

mapanlinlang naman ang patnubay ng masasa-
ma.
6 Nag-aabang sa dugo ang mga salita ng
masasama ngunit ang bibig ng mga matuwid
ang magliligtas sa kanila.

7 Ibinagsak ang masasama at wala na
sila ngunit matatag na nakatayo ang
bahay ng mga matuwid.
8 Pinupuri ang tao ayon sa kanyang
bait; hahamakin naman ang may baluktot
na isipan.
9 Mabuti pa'ng maging karaniwan na
may isang utusan kaysa isang parang
kung sino gayong wala namang makain.
10 Isinasaalang-alang ng matuwid ang
alaga niyang hayop; kalupitan naman ang
malasakit ng masama.
11 Sasagana sa pagkain ang nagbu-
bungkal ng kanyang lupa; wala namang bait
ang humahabol sa mga walang-saysay.
12 Pinagnanasahan ng masama ang
mga kuha sa kasamaan ngunit namumu-
nga ang ugat ng mga matuwid.
13 Nabibitag ang masama sa pagkaka-
sala ng kanyang mga labi; naliligtas
naman sa gulo ang matuwid.
14 Napupuno ng mabubuting bagay ang
tao dahil sa bunga ng kanyang bibig, at
gagantimpalaan siya ayon sa gawa ng
kanyang mga kamay.
15 Matuwid ang tingin ng hangal sa kan-
yang daan; nakikinig naman sa payo ang
marunong.
16 Agad na nalalaman ang pagkainis ng
hangal ngunit pinagtatakpan ng may
hinahon ang kahihiyan.
17 Katuwiran ang pahayag ng nagsasabi
ng totoo; panlilinlang naman ang sa
sinungaling na saksi.
18 Tulad ng nakasusugat na tabak ang
padalus-dalos na pananalita ngunit pag-
hilom naman ang hatid ng dila ng maruru-
nong.
19 Magpakailanman ang labing totoo
ngunit panandalian lamang ang dilang
sinungaling.
20 Pandaraya ang nasa puso ng mga
masama ang pakana; kagalakan naman
ang sa kapayapaan ang payo.
21 Walang pinsalang sasapit sa matuwid
ngunit abut-abot na gulo ang sa masasama.
22 Kasuklam-suklam kay Yawe ang
mga labing sinungaling; kasiyahan na-
man niya ang mga tapat at totoo.
23 Itinatago ng taong mahinahon ang
kanyang kaalaman; kahangalan naman
ang ipinagsasasabi ng puso ng mga hangal.
24 Makapangyayari ang kamay ng
masisipag at pilit namang papagtatra-
bahuhin ang batugan.
25 Bigat ng kalooban ang kabalisahan
ng puso ng tao; napasasaya naman ito ng
isang magandang kataga.
26 Kapaki-pakinabang na payo ang
bigay ng matuwid sa kapwa ngunit inili-
ligaw sila ng daan ng masama.
27 Walang nilaga ang batugan; sipag at
tiyaga ang yaman ang tao.
28 Nasa landas ng pagkamatuwid ang
buhay; sa daang iyon, wala'ng kamatayan.

**13** 1 Pinakikinggan ng marunong na anak
ang pangaral ng kanyang ama; hindi
naman nakikinig sa pagtutuwid ang nanlilibak.
2 Bunga ng kanyang bibig ang kabutihang
kakanin ng tao; sa karahasan naman natatakam
ang mga taksil.
3 Buhay niya ang iniingatan ng nagbabantay sa
kanyang bibig; pagkawasak naman ang sasapitin
ng labis na nagnganganga ng kanyang mga labi.
4 Natatakam ang tamad at wala namang
napapala; mananagana ang masisipag.
5 Namumuhi sa kasinungalingan ang ma-
tuwid; kamuhi-muhi naman ang masamang tao
na kahihiyan ang hatid.
6 Bantay ang pagkamatuwid sa mga walang-
sala ang gawi ngunit kasamaan ang nagpapa-
bagsak sa makasalanan.
7 May nagpapanggap na mayaman ngunit
wala naman siya; meron namang nagsasabing
dukha siya ngunit may malaking kayamanan.
8 Pantubos sa kanyang buhay ang yaman ng
isang tao ngunit wala namang nadaramang
pangamba ang dukha.
9 Nagniningning ang liwanag ng matuwid
ngunit papatayin ang ilawan ng masasama.
10 Alitan lamang ang hatid ng kapalaluan; nasa
bukás naman sa pagkatuto ang karunungan.
11 Nangangaunti ang yamang nakuha nang

biglaan; pinalalago naman ito ng paunti-unting
nag-iipon.
12 Nakapanghihina ng loob ang pag-asang
nababalam; punungkahoy ng buhay ang
pagsapit ng inaasam.
13 Napapahamak ang bumabale-wala sa
salita; gagantimpalaan naman ang may takot sa
kautusan.
14 Bukal ng buhay ang turo ng marunong
upang maiwasan mga bitag ng kamatayan.
15 Kinalulugdan ang may magaling na pang-
unawa ngunit walang kahihinatnan ang daan ng
mga taksil.
16 Kumikilos ang taong matino dahil alam
niya ngunit itinatanghal naman ng hangal ang
kanyang kahangalan.
17 Sa gulo nasusuong ang masamang tagapag-
balita; pagpapagaling naman ang matapat na sugo.
18 Karukhaan at kahihiyan sa di pumapansin
sa pagtutuwid; parangal naman ang sa nagpa-
pahalaga sa pagwawasto.
19 Matamis sa kaluluwa ang katuparan ng
pagnanais; kasuklam-suklam naman sa mga
hangal ang lumayo sa masama.
20 Nagiging marunong ang naglalakad
kasama ng marurunong; napapahamak naman
ang kabarkada ng mga hangal.
21 Hinahabol ng kasamaan ang mga maka-
salanan; kabutihan naman ang gantimpala ng
mga matuwid.
22 Pinamamanahan ng mabuti ang mga anak
ng kanyang mga anak; nakatabi para sa
matuwid ang yaman ng makasalanan.
23 Saganang pagkain ang nasa bukid ng dukha
ngunit napapalis iyon sa kawalan ng katarungan.
24 Namumuhi sa anak ang pumipigil sa
kanyang tungkod; hangad naman ng nagma-
mahal sa kanya ang siya'y ituwid.
25 Nagpapakabusog ang matuwid ngunit
kumakalam naman ang tiyan ng masasama.

**14** 1 Itinatayo ng marunong na dilag ang
kanyang bahay; ginigiba naman ng
sariling mga kamay ng hangal ang kanya.
2 May takot kay Yawe ang lumalakad nang
matuwid; hinahamak naman siya ng pasikut-
sikot sa kanyang mga daan.
3 Pamalo sa likod ng hangal ang kanyang
bibig ngunit bantay na tagapag-ingat naman
ang mga labi ng marurunong.
4 Kapag walang bakang pang-araro, malinis
ang sabsaban; sa lakas ng baka galing ang labis
na kasaganaan.
5 Di nagsisinungaling ang tapat na saksi;
kasinungalingan naman ang binibigkas ng
saksing bulaan.
6 Naghahanap ng karunungan ang mapanlibak
at wala namang matagpuan; madali namang
dumarating ang kaalaman sa may pang-unawa.
7 Lumayo sa harap ng taong hangal; di ka
makatatagpo ng kaalaman sa kanyang mga labi.
8 Pagkaunawa sa kanyang daan ang karu-
nungan ng matino; panlilinlang naman ang ka-
hangalan ng mga hangal.
9 Pinagtatawanan ng mga hangal ang pakiki-
pagbalikan; nasa mga matuwid naman ang
kagandahang-loob.
10 Batid ng puso ang sarili nitong pait at hindi
makikihati ang iba sa galak nito.
11 Magigiba ang bahay ng masasama ngunit
lalago ang tolda ng mga matuwid.
12 May daang sa tingin ng tao'y matuwid
ngunit ang dulo pala'y landas ng kamatayan.
13 May lungkot ng puso kahit sa halakhak at
pighati naman ang dulo ng galak na iyon.
14 Pupuspusin sa sarili niyang mga gawi ang
puso ng salawahan at ang mabuting tao naman
mula sa kanyang mga gawa.
15 Pinaniniwalaan ng mangmang bawat salita
ngunit tinitingnang mabuti ng mayhinahon ang
kanyang paghakbang.
16 May takot at lumalayo sa masama ang
marunong ngunit sige na lang nang sige at
padalus-dalos ang hangal.
17 Kahangalan ang gawa ng pabigla-bigla;
kinamumuhian naman ang tuso.
18 Kahangalan ang mana ng mangmang;
pinuputungan naman ng kaalaman ang may-
hinahon.
19 Yuyuko ang masasama sa harap ng mabu-
buti at ang mga tampalasan sa mga pintuan ng
matuwid.
20 Kamuhi-muhi ang dukha maging sa kanyang
kapwa ngunit maraming kaibigan ang mayaman.
21 Nagkakasala ang humahamak sa kanyang
kapwa ngunit mapalad ang mabait sa mga
maralita.
22 Di ba't naliligaw ang mga nagbabalak ng
masama? Ngunit sa mga mabuti ang pinaplano,
sasakanila ang kagandahang-loob at katapatan.
23 May pakinabang ang lahat ng mabigat na
trabaho ngunit pagdarahop lamang ang kauu-
wian ng walang-saysay na usapan.
24 Korona ng marurunong ang kanilang ka-
yamanan ngunit kahangalan lamang ang kaha-
ngalan ng mga hangal.
25 Mga buhay ang iniligiligtas ng tapat na saksi;
mapanlinlang naman ang saksing bulaan.

26 Sa pagkatakot kay Yawe may mata-
tag na maaasahan at may matatakbuhan
ang kanyang mga anak.

27 Bukal ng buhay ang pagkatakot kay
Yawe upang makalayo sa mga bitag ng
kamatayan.
28 Nasa dami ng sambayanan ang ka-
dakilaan ng isang hari; kapahamakan na-
man sa isang prinsipe ang kawalan ng
nasasakupan.
29 May malawak na pang-unawa ang di
madaling magalit; kahangalan naman ang
ipinamamalas ng bugnutin at pabigla-bigla.
30 Buhay ng katawan ang loob na
panatag; pagkabulok naman ng mga buto
ang kapusukan.
31 Paghamak sa kanyang Maykapal ang
pang-aapi sa dukha; mabait naman sa
maralita ang nagpaparangal sa kanya.
32 Sa masama niyang gawa ipinagtata-
buyan ang masama; may takbuhan na-
man ang matuwid maging sa kamatayan.
33 Sa puso ng nakauunawa lumalagi
ang karunungan, na di nagpapakilala sa
mga hangal.
34 Itinatampok ng pagkamatuwid ang
isang bansa; kahihiyan naman ng alin-
mang bayan ang kasalanan.
35 Kinalulugdan ng hari ang marunong
na lingkod; kinapopootan naman niya
ang naghahatid ng kahihiyan.

**15** 1 Pinapawi ng mahinahong sagot ang
poot; ginagatungan naman ng masakit
na pananalita ang galit.
2 Karunungan ang ipinamimigay ng dila ng
marurunong; kahangalan naman ang du-
madaloy mula sa bibig ng hangal.
3 Nasa lahat ng dako ang mga mata ni Yawe,
tinitingnan ang masasama at mabubuti.
4 Punungkahoy ng buhay ang dilang mapag-
pagaling; sumisira naman ng loob ang kabaluk-
tutang naroon.
5 Hinahamak ng hangal ang pagtutuwid ng
kanyang ama ngunit matino ang nagpapa-
halaga sa pangaral.
6 Maraming kayamanan sa bahay ng matu-
wid ngunit ligalig ang hatid ng tubo ng masama.
7 Naghahasik ng kaalaman ang mga labi ng
marurunong ngunit hindi gayon ang puso ng
mga hangal.
8 Kasuklam-suklam kay Yawe ang handog ng
masasama; kalugud-lugod naman sa kanya ang
panalangin ng mga matuwid.
9 Kasuklam-suklam kay Yawe ang daan ng
masama ngunit mahal niya ang naghahanap ng
matuwid.
10 Labis na pagtutuwid ang para sa lumayo sa
daan at mamamatay ang namumuhi sa pangaral.
11 Nasa harapan ni Yawe ang lugar ng mga
patay at pagkawasak, gaano pa ang mga puso
ng mga anak ni Adan?
12 Di minamahal ng nanlilibak ang nanganga-
ral sa kanya; di siya pupunta sa marurunong.
13 Nagpapaganda ng mukha ang pusong ma-
saya; sumisira naman ng loob ang mabigat na
puso.
14 Kaalaman ang hanap ng pusong may
pagkaunawa; sa kahangalan naman nabubusog
ang puso ng mga hangal.
15 Masama lahat ng araw ng maralita ngunit
patuloy na nagpipiyesta ang may mabuting
kalooban.
16 Mabuti pa ang kaunti na may takot kay
Yawe kaysa malaking kayamanang ligalig ang
kalakip.
17 Mabuti pang gulay lamang ang pagkain na
may pagmamahal kaysa pinatabang guyang
pagkamuhi ang kalakip.
18 Ginagatungan ng taong galit ang alitan; pina-
payapa naman ng di madaling magalit ang away.
19 Naghambalang ang mga tinik sa daan ng
batugan ngunit maluwag ang landas ng mga
matuwid.
20 Binibigyang-galak ng marunong na anak
ang kanyang ama; hinahamak naman ng taong
hangal ang kanyang ina.
21 Kagalakan ng walang bait ang kahangalan
ngunit lumalakad nang matuwid ang taong may
pang-unawa.
22 Nabibigo ang mga balak sa kawalan ng
payo ngunit sa maraming tagapayo, nagtata-
gumpay ang mga iyon.
23 Kagalakan ng tao ang angkop na tugon ng
kanyang bibig at kay buti ng salitang napapanahon!
24 Para sa marunong, paahon ang daan ng
buhay upang makalayo siya sa lugar ng mga
patay sa ibaba.
25 Ginigiba ni Yawe ang bahay ng palalo;
pinagtitibay naman ang mga hangganan ng
para sa biyuda.
26 Kasuklam-suklam kay Yawe ang mga
pakana ng masama ngunit kalugud-lugod ang
mga salita ng mga dalisay.
27 Sariling sambahayan ang ginugulo ng
sakim sa kita sa panloloko; mabubuhay naman
ang namumuhi sa suhol.
28 Pinag-aaralan ng puso ng matuwid ang
isasagot; kasamaan naman ang dumadaloy
mula sa bibig ng masasama.

29 Malayo si Yawe sa masasama ngunit dinidinig ang dalangin ng mga matuwid.

30 Nagbibigay-galak sa puso ang liwanag ng mga mata at nagpapasigla sa mga buto ang mabuting balita.

31 Sa piling ng marurunong mananahan ang nakikinig sa pangaral ng buhay.

32 Sarili ang hinahamak ng bumabale-wala sa pagtutuwid; nagkakaroon ng bait ang nakikinig sa pangaral.

33 Pagkatuto sa pagtutuwid ng karunungan ang pagkatakot kay Yawe; nasa harapan ng parangal ang kapakumbabaan.

**16** 1 Sa tao ang pagpapanukala ng puso; galing naman kay Yawe ang tugon ng dila.

2 Malinis lahat ng daan ng tao sa sarili niyang mga mata; tinitimbang naman ni Yawe ang mga saloobin.

3 Ipagkatiwala kay Yawe ang iyong mga gawa at matutupad ang iyong mga balak.

4 May layunin si Yawe sa lahat niyang gawa, maging ang masama para sa araw ng kapahamakan.

5 Kasuklam-suklam kay Yawe ang may pusong mapagmalaki; tiyak na di sila inosente.

6 Sa kagandahang-loob at katapatan natatakpan ang kasalanan, at sa pagkatakot kay Yawe, natatalikdan ang kasamaan.

7 Kapag kalugud-lugod kay Yawe ang mga daan ng isang tao, pinakikipagkasundo niya sa kanya maging mga kaaway niya.

8 Mabuti pa ang kaunti na may pagkamatuwid kaysa malaking kita na walang katarungan.

9 Puso ng tao ang nagpaplano ng kanyang daan ngunit si Yawe ang namamahala sa kanyang mga hakbang.

10 Matinong pahayag ang nasa mga labi ng hari; bibig niya'y huwag magtaksil sa katarungan.

11 Kay Yawe ang tapat na timbang at timbangan; gawa niya lahat ng panukat na nasa supot.

12 Kasuklam-suklam sa mga hari ang paggawa ng masama pagkat sa pagkamatuwid nakatayo ang trono.

13 Kinalulugdan ng mga hari mga labing matuwid at mahal nila ang nagsasalita nang matuwid.

14 Poot ng hari'y tagapaghatid ng kamatayan ngunit napaglulubag naman ito ng taong marunong.

15 Buhay ang maaliwalas na mukha ng hari; kagandahang-loob niya'y ulap ng ulan sa tagsibol.

16 Higit na mabuti ang magkaroon ng karunungan kaysa ginto; ang magkaroon ng pang-unawa, higit na pipiliin pa kaysa pilak.

17 Paglayo sa masama ang daan ng matuwid; nagpapahalaga sa sariling buhay ang nagbabantay sa kanyang daan.

18 Nauuna sa pagkawasak ang kapalaluan at sa pagkadapa ang diwang mapagmalaki.

19 Mabuti pa ang maging aba sa piling ng mga maralita kaysa makihati sa samsam ng mga palalo.

20 Napapabuti ang marunong magsagawa sa salita; mapalad ang nananalig kay Yawe.

21 Matalino ang tawag sa mga may pusong marunong; dagdag-hikayat ang tamis ng mga labi.

22 Bukal ng buhay ang pagkaunawa sa mga meron nito; pagtutuwid naman sa mga hangal ang kanilang kahangalan.

23 Pinapatnubayan ng may pusong marunong ang kanyang bibig at higit na nakahihikayat kanyang mga labi.

24 Tulad ng pulot-pukyutan mga salitang nakalulugod, matamis sa kalooban, pampaigi sa katawan.

25 May daang sa tingin ng tao'y matuwid ngunit ang dulo pala'y landas ng kamatayan.

26 Gana ng manggagawa ang gumagawa para sa kanya; bibig niya ang nagpapagawa sa kanya.

27 Masama ang pakana ng taong walang kuwenta; naglalagablab na apoy ang nasa kanyang mga labi.

28 Nagkakalat ng alitan ang taong baluktot at pinaghihiwalay naman ng bumubulong ang matalik na magkakaibigan.

29 Iniengganyo ng taong marahas ang kanyang kapwa at inaakay ito sa daang di mabuti.

30 Nagbabalak ng kabaluktutan ang pumipikit; pinapangyayari naman ng nagtitikom ng kanyang mga labi ang masama.

31 Korona ng karangalan ang mga uban; sa daan ng pagkamatuwid ito natatagpuan.

32 Mabuti pa ang di madaling magalit kaysa malakas, ang nakapangyayari sa kanyang kalooban kaysa nakakasakop sa isang siyudad.

33 Inihahagis ang kapalaran sa kandungan ngunit kay Yawe galing lahat ng pasya.

**17** 1 Mabuti pa ang kapirasong tuyong tinapay na may kapanatagan kaysa ba-

hay na puno ng pagpipiyesta na meron namang
alitan.
2 Makapangyayari ang marunong na alipin sa
anak na hatid ay kahihiyan at makikihati siya sa
mamanahin ng magkakapatid.
3 May apoy na pagdalisay sa pilak at meron
ding para sa ginto ngunit si Yawe ang kumikilatis
sa puso.
4 Dinirinig ng masama mga labing bulaan at
pinakikinggan naman ng sinungaling dila ng
pagnanasa.
5 Kinukutya ng nanlilibak sa dukha ang
Maykapal sa kanya; di inosente ang nagagalak
sa kasawiampalad.
6 Korona ng matatanda mga anak ng mga
anak at dangal naman ng mga anak ang kani-
lang mga magulang.
7 Di bagay sa hangal ang pinong pananalita at
lalo naman ang sinungaling na mga labi sa isang
pinuno.
8 Anting-anting na bato ang suhol sa mga
mata ng nagbibigay nito; nagtatagumpay siya
saan man siya humarap.
9 Pinagtitibay ng nagtatakip sa pagkakamali ang
pakikipagkaibigan; nawawalan naman ng matalik
na kaibigan ang umuungkat ng bagay na iyon.
10 Mas mabigat ang dating ng pagsaway sa
taong may pang-unawa kaysa sandaang suntok
sa isang hangal.
11 Paghihimagsik lamang ang hanap ng ma-
sama kayat isang malupit na sugo ang ipapa-
dala laban sa kanya.
12 Mabuti pang inahing osong inagawan ng
mga anak ang harapin kaysa isang hangal sa
kanyang kahangalan.
13 Hindi lilisanin ng masama ang sambaha-
yan ng gumaganti ng masama sa mabuti.
14 Tulad ng pagbulwak ng tubig ang simula ng
alitan kayat tigilan na ito bago magsimula ang
pagtatalo.
15 Kapwa kasuklam-suklam kay Yawe ang
nagpapawalang-sala sa masama at ang huma-
hatol sa matuwid.
16 Ano't may hawak na pambayad sa pagka-
karoon ng karunungan ang hangal gayong wala
naman siyang bait?
17 Nagmamahal ang kaibigan sa lahat ng
panahon at isinisilang naman ang kapatid para
sa panahon ng ligalig.
18 Nakikipagkamay para managot ang taong
walang bait at siya'ng gumagarantiya para sa
kanyang kapwa.
19 Mahilig sa kasalanan ang mahilig sa away;
gustong mabalian ang nag-aangat ng kanyang
pinto.
20 Walang buting natatagpuan ang may
baluktot na pag-iisip; sa masama nahuhulog
ang may mapanlinlang na dila.
21 Pighati ang napapala ng nagkakaanak ng
hangal; walang kaligayahan ang ama ng hangal.
22 Nakapagpapaiging mabuti ang maliga-
yang puso; natutuyo naman pati mga buto sa
pagkasira ng loob.
23 Palihim na tumatanggap ng suhol ang masa-
ma upang baluktutin mga daan ng katarungan.
24 Sa katarungan nakaharap ang may pang-
unawa; nasa mga dulo naman ng sangkalupaan
mga mata ng hangal.
25 Dalamhati ng kanyang ama ang anak na
hangal at pait ng nagsilang sa kanya.
26 Hindi mabuti'ng papanagutin ang matuwid,
ni hagupitin mga opisyal dahil sa pagkamatuwid.
27 Talagang may alam ang may pagtitimpi sa
kanyang pagsasalita; may panatag na kalooban
ang taong may pang-unawa.
28 Ipinapalagay na marunong maging ang
hangal na tumatahimik at may pang-unawa ang
nagtitikom ng kanyang mga labi.

**18** 1 Sariling pagnanasa ang hangad ng
nagbubukod ng sarili; kinakalaban niya
lahat ng mabuting payo.
2 Walang lugod ang hangal na makaunawa
kundi tanging ang mabuksan lamang ang
kanyang puso.
3 Pag dating ng masama, dumarating din ang
pangungutya, at ng kahihiyan ang kawalan ng
dangal.
4 Malalim na tubig mga salita ng bibig ng tao;
umaagos na ilog naman ang bukal ng karunungan.
5 Hindi mabuti ang pagkiling sa masama at
ipagkait ang katarungan sa matuwid.
6 Napapasubo sa alitan ang mga labi ng ha-
ngal at nagtatawag naman ng paghagupit ang
kanyang bibig.
7 Ang bibig ng hangal ang kanyang kapaha-
makan at ang kanyang mga labi ang bitag sa
kanya.
8 Masasarap na piraso ang mga salita ng
mapanira, tuluy-tuloy hanggang sa kaloob-loo-
ban ng sikmura.
9 Kapatid ng tagasira ang makupad sa paggawa.
10 Matatag na tore ang pangalan ni Yawe; iyon
ang takbuhan ng matuwid at doo'y ligtas siya.
11 Ang yaman ng mariwasa ang kanyang
napapaderang lunsod; parang mataas na muog
sa kanyang guniguni.
12 Ang palalong puso muna ng tao bago ang
pagkawasak ngunit kapakumbabaan muna
bago ang parangal.
13 Sa sumasagot nang di muna nakikinig,
kahangalan niya iyon at kahihiyan.

14 Dahil sa espiritu ng tao, karamdama'y na-
titiis ngunit sino'ng makapagtitiis sa espiritung
lupaypay?
15 Nagkakamit ng kaalaman ang may pusong
nakakaunawa; kaalaman ang hanap ng tenga
ng marurunong.
16 Binubuksan ng regalo ang daan sa taong
nagbibigay nito at inihahatid siya sa harap ng
malalaking tao.
17 Parang makatwiran ang unang nagha-
harap ng kanyang usapin hanggang dumating
ang kanyang kapwa upang suriin siya.
18 Pinatitigil ng sapalaran ang alitan at pinag-
bubukod malalakas na magkalaban.
19 Mas mahirap pasukin ang loob ng kapatid na
inagrabyado kaysa napapaderang lunsod; tulad ng
mga trangka ng kastilyo ang gayong mga alitan.
20 Sa bunga ng bibig ng tao nabubusog ang
kanyang tiyan; sa ibinubunga ng kanyang mga
labi siya nabubusog.
21 Nasa dila ang kamatayan at buhay; kaka-
inin ng mga may gusto nito ang bunga nito.
22 Nakakatagpo ng mabuti ang nakakatagpo
ng asawa at nagkakamit ng kagandahang-loob
mula kay Yawe.
23 Nagmamakaawa ang dukha ngunit malu-
pit naman ang sagot ng mayaman.
24 Maaaring mapahamak ang taong mara-
ming kasamahan ngunit may kaibigang mas
kadikit pa kaysa isang kapatid.

**19** 1 Mabuti pa ang dukhang naglalakad
nang matuwid kaysa may baluktot na
mga labi at sa hangal.
2 Di mabuti ang sigasig na wala namang
alam; nagkakamali ang padalus-dalos sa kan-
yang mga paa.
3 Kahangalan ng tao ang nagliliko sa kan-
yang daan ngunit kay Yawe sumásamâ ang
kanyang loob.
4 Maraming kaibigan ang dagdag ng kaya-
manan ngunit mismong kapwa ng dukha'y na-
wawalay sa kanya.
5 Di inosente ang bulaang saksi at di makaka-
wala ang naghihinga ng kasinungalingan.
6 Marami ang nakikiusap sa harap ng pinuno
at kaibigan ng taong may regalo ang lahat.
7 Lahat ng kapatid ng dukha'y namumuhi sa
kanya at higit siyang nilalayuan ng kanyang
mga kaibigan. Habol niya sila sa pakikipag-
usap pero wala sila.
8 Mahal ng nagkakamit ng bait ang kanyang
sarili; nakakatagpo ng buti ang nagpapahalaga
sa pag-unawa.
9 Di inosente ang bulaang saksi at mapapari-
wara ang naghihinga ng kasinungalingan.
10 Hindi bagay sa hangal ang karangyaan;
lalo na sa alipin ang maghari sa mga pinuno.
11 Di madaling magalit ang taong may bait;
karangalan niya ang magpaumanhin sa pag-
kakasala.
12 Tulad ng ungol ng leon ang poot ng hari
ngunit tulad naman ng hamog sa damo ang
kagandahang-loob niya.
13 Kasiraan ng kanyang ama ang anak na
hangal at para namang walang patid na tulo ang
pagmumura ng asawa.
14 Pamana ng mga magulang bahay at yaman
ngunit kay Yawe galing matinong maybahay.
15 Pampahimbing ang katamaran at magu-
gutom naman ang batugan.
16 Nagpapahalaga sa sarili ang nagpapa-
halaga sa kautusan; mamamatay ang huma-
hamak sa kanyang mga daan.
17 Si Yawe ang pinauutang ng may malasakit
sa maralita; gagantimpalaan niya siya ayon sa
kanyang gawa.
18 Ituwid mo ang iyong anak habang may pag-
asa at huwag makisangkot sa kanyang kamatayan.
19 Mananagot ang may matinding poot; sagi-
pin mo man siya, paulit-ulit mo iyong gagawin.
20 Makinig sa payo at tumanggap ng pag-
tutuwid at nang maging marunong ka sa wakas.
21 Maraming balak ang nasa puso ng tao
ngunit ang payo ni Yawe ang siyang matutupad.
22 Kagandahang-loob ang kanais-nais sa
tao; mabuti pa ang dukha kaysa taong sinu-
ngaling.
23 Para sa buhay ang pagkatakot kay Yawe: pana-
tag na paghimlay na walang masamang darating.
24 Hinahalukay ng batugan ang kanyang
pinggan ngunit maging sa bibig niya'y di niya
iyon isinusubo.
25 Hagupitin ang mapanuya at magiging ma-
ingat ang mangmang; pangaralan ang may pang-
unawa at mauunawaan niya ang kaalaman.
26 Kahihiyan at kawalang-dangal ang hatid
ng anak na ama'y pinagbubuhatan ng kamay at
ina'y ipinagtatabuyan.
27 Tigilan mo, anak ko, ang pakikinig sa pag-
tutuwid at malilihis ka sa mga salita ng kaala-
man.
28 Kinukutya ng walang kuwentang saksi ang
katarungan at kasamaan naman ang nilalamon
ng bibig ng masasama.
29 Handa na ang mga parusa para sa ma-
pangutya at ang mga hampas para sa likod ng
mga hangal.

**20** 1 Mapangutya ang alak at maligalig ang
inuming matapang; hindi marunong ang
namamalagi sa mga ito.

2 Tulad ng ungol ng leon ang galit ng hari; sa sarili niya nagkakasala ang nagpapagalit sa kanya.

3 Karangalan ng tao ang huwag makipag-alitan; isinusuong naman ng sinumang hangal ang kanyang sarili sa away.

4 Hindi nag-aararo sa taglagas ang batugan sa taglagas kaya maghahanap siya sa tag-ani pero wala.

5 Malalim na tubig mga panukalang nasa puso ng tao; taong may pang-unawa ang sumasalok niyon.

6 Sariling kagandahang-loob ng bawat isa ang ipinagmamagaling ng maraming tao ngunit sino'ng makakatagpo ng isang taong matapat?

7 Sa kanyang pagkamatuwid lumalakad ang matuwid; mapalad ang kanyang mga anak na kasunod niya.

8 Sa pag-upo ng hari sa luklukan ng paghuhukom, nakikilatis niya sa kanyang mga mata lahat ng masama.

9 Sino ang makapagsasabing "Nalinis ko na ang aking puso; dalisay na ako sa aking kasalanan?"

10 Kapwa kasuklam-suklam kay Yawe timbangang di timbang at sukat na di sukát.

11 Nakikilala sa kanyang mga kilos kahit na bata kung malinis ba o matuwid ang kanyang gawa.

12 Tengang nakaririnig at matang nakakakita – si Yawe ang gumawa kapwa sa kanila.

13 Huwag mahalin ang pagtulog at baka ka magdahop; imulat ang iyong mga mata at sasagana ka sa pagkain.

14 "Masama, masama," sabi ng bumibili ngunit pagkaalis ay saka ipinagmamagaling ang kanyang binili.

15 May ginto at maraming perlas ngunit pambihirang hiyas mga labi ng kaalaman.

16 Kunin ang kanyang damit kung siya ang gumagarantiya para sa dayuhan; siya ang hulihin sa halip ng banyagang kanyang pinananagutan.

17 Matamis para sa tao tinapay ng kabulaanan; pagkatapos ay mapupuno naman ng graba ang kanyang bibig.

18 Tumitibay ang mga plano dahil sa payo; makipagdigma nang may matinong patnubay.

19 Pagala-galang nagtsitsismis ang nagbubunyag ng mga lihim kayat huwag makisama sa madaldal.

20 Sa pusikit na dilim, papatayin ang ilawan ng nagmumura sa kanyang ama o ina.

21 Ang pamanang madaliang nakuha sa simula, sa dakong huli'y di pinagpapala.

22 Huwag sabihing "Gagantihan ko ang masama" kundi umasa kay Yawe at ililigtas ka niya.

23 Kasuklam-suklam kay Yawe ang timbangang di timbang; hindi mabuti mga timbangan ng pandaraya.

24 Mula kay Yawe mga hakbang ng tao; paano mauunawaan ng isang tao sarili niyang daan?

25 Bitag sa tao ang magpadalus-dalos sa pagsasabing "Ito'y banal," at saka lamang mag-iisip pagkatapos ng panata.

26 Tulad ng nagtatahip, kinikilatis ng haring marunong ang masasama at saka pinagugulungan ng panggiik.

27 Tanglaw ni Yawe ang espiritu ng tao; sinasaliksik nito lahat ng kaloob-looban.

28 Iniingatan ng kagandahang-loob at katapatan ang hari; kagandahang-loob ang nagtatatag sa kanyang trono.

29 Ang kanilang lakas ang ipinagmamalaki ng kabataan; karangalan naman ng matatanda ang kanilang uban.

30 Nililinis ng sugat na nagdurugo ang masama at ng hampas ang mga kaloob-looban.

**21** 1 Umaagos na tubig ang puso ng hari sa kamay ni Yawe; ibinabaling iyon saanman niya naisin.

2 Matuwid bawat daan ng tao sa kanyang mga mata; tinitimbang naman ni Yawe ang mga puso.

3 Higit na katanggap-tanggap kay Yawe ang paggawa ng matuwid at makatarungan kaysa paghahandog.

4 Mga matang mapagmataas at pusong mapagmalaki – pawang kasalanan ang tanglaw ng masasama.

5 Tungo sa kasaganaan lamang mga plano ng masipag ngunit sa karukhaan ang bawat nagpapadalus-dalos.

6 Bula lamang ang pagyaman dahil sa dilang sinungaling, pangitain ng mga naghahanap-kamatayan.

7 Kakaladkarin ng sariling dahas ang masasama dahil ayaw nilang isagawa ang katarungan.

8 Paliko ang daan ng taong may sala; matuwid naman ang gawain ng inosente.

9 Mabuti pa ang manahan sa isang sulok sa bubungan kaysa bahay na kapiling maybahay na nagmumura.

10 Kasamaan lamang ang gusto ng masama; sa kanyang mga mata, walang makikitang malasakit ang kapwa.

11 Sa kaparusahan ng nanlilibak, dumurunong ang mangmang; sa pagtuturo sa marunong, nagkakaroon siya ng kaalaman.

12 Pinagmamasdang mabuti ng matuwid ang bahay ng masama at ibinubuwal sa kapahamakan ang masama.

13 Mananawagan din ang nagtatakip ng

kanyang tenga sa daing ng maralita ngunit wala
namang tutugon.
14 Pinapaglulubag ng palihim na regalo ang
galit at ng lingid na suhol ang matinding poot.
15 Kagalakan ng matuwid na isagawa ang
katarungan ngunit kakila-kilabot sa nagsisiga-
wa ng masama.
16 Mamamahinga sa pagtitipon ng mga patay
ang taong lumilihis mula sa daan ng katinuan.
17 Pagdarahop ang pagmamahal sa galak; pag-
tanggi sa yaman ang pagmamahal sa alak at langis.
18 Pantubos sa makatarungan ang masama;
kahalili naman ng matuwid ang taksil.
19 Mabuti pa'ng manahan sa ilang na lupain
kaysa piling ng mahilong maybahay na nagmu-
mura.
20 Sa tahanan ng marunong, may maha-
lagang kayamanan at langis; inuubos naman
iyon ng taong hangal.
21 Nakakatagpo ng buhay, katarungan at
parangal ang naghahanap ng katarungan at
kagandahang-loob.
22 Pinapasok ng marunong ang lunsod ng
malalakas at ibinubuwal ang kutang kanilang
pinananaligan.
23 Nag-iingat sa kanyang sarili mula sa ligalig
ang nag-iingat sa kanyang bibig at dila.
24 Mayabang, makulit, "Mapangkutya" ang
kanyang pangalan; kilos niya'y mapagmataas
na kayabangan.
25 Ang pagnanasa ng tamad ang papatay sa
kanya pagkat ayaw gumawa ang kanyang mga
kamay. 26 Maghapon niyang pinagnanasahan
ang ninanasa; nagbibigay naman ang matuwid
at di nagkakait.
27 Kasuklam-suklam ang hain ng masama,
lalo na't idinudulog niya iyon nang may ma-
samang nilalayon.
28 Mapapariwara ang huwad na saksi; ma-
mamalagi naman salita ng taong nakikinig.
29 Nagmumukhang matatag ang taong ma-
sama; kanyang daan naman ang pinagtitibay ng
matuwid.
30 Walang karunungan, walang pagkaunawa,
walang panukala sa harap ni Yawe.
31 Handa na ang kabayo sa araw ng labanan
ngunit kay Yawe ang tagumpay.

**22** 1 Higit na mainam ang may pangalan
kaysa malaking kayamanan; higit na ma-
buti ang kagandahang-loob kaya pilak at ginto.
2 Nagtatagpo ang mayaman at dukha: si
Yawe ang Maygawa sa kanilang lahat.
3 Nakikita ng matalino ang bantang masama
kaya siya nagkukubli; patuloy pa rin naman ang
mangmang na magdurusa dahil dito.
4 Kayamanan at karangalan at buhay ang
gantimpala sa kapakumbabaan at pagkatakot
kay Yawe.
5 Mga tinik at bitag ang nasa daan ng buktot;
lumalayo sa mga iyon ang nag-iingat sa sarili.
6 Sanayin ang bata sa bukana ng kanyang lan-
dasin at sa pagtanda niya'y di niya iyon lilisanin.
7 Naghahari ang mayaman sa mga dukha;
alipin ng nagpapahiram ang humihiram.
8 Kapahamakan ang aanihin ng naghahasik
ng kabuktutan; hihinto ang tungkod ng kanyang
poot.
9 Pagpapalain ang may mata ng kabutihan
pagkat hinahatian niya ng pagkain ang dukha.
10 Palayasin ang mapanlibak at aalis din ang
alitan, at magwawakas away at panghihiya.
11 Ang hari ang kaibigan ng may kabaitan sa
kanyang mga labi at nagmamahal sa malinis na
puso.
12 Iniingatan ng mga mata ni Yawe ang kaa-
laman at ibinubuwal niya mga salita ng salawahan.
13 Sabi ng batugan, "May leon sa labas!
Mapapatay ako sa mga lansangan."
14 Malalim na hukay ang bibig ng mga babae
ng iba; doon mahuhulog mga kinapopootan ni
Yawe.
15 Kabigkis ng puso ng bata ang kahangalan;
tungkod ng pagtutuwid ang magtataboy nito
mula sa kanya.
16 Pagdarahop lamang ang sa nagpapaya-
man sa pang-aapi sa dukha at sa nagbibigay sa
mayaman.

**Mga kasabihan ng marunong**

17 Buksan ang iyong mga tenga at dinggin
ang aking mga salita, at isapuso ang aking
kaalaman 18 pagkat kalugud-lugod na ingatan
ang mga ito sa iyong kalooban at mamalaging
lahat sa iyong mga labi.
19 Upang kay Yawe ka magtiwala, ipinag-
bigay-alam ko sa iyo, sa iyo mismo ang mga ito
sa araw na ito. 20 Di ba't tatlumpung kasabihang
may pagpapayo at kaalaman ang sinulat ko
para sa iyo 21 upang maipaalam sa iyo ang tunay
na mga salita ng katotohanan at nang may
maitugon kang mga salita ng katotohanan sa
mga nagsugo sa iyo?
22 Huwag lamangan ang dukha dahil dukha
siya, ni apihin ang gipit sa hukuman 23 pagkat
ipaglalaban ni Yawe ang kanilang usapin at
aagawan ng buhay ang mga nang-agaw sa kanila.
24 Huwag makipagkaibigan sa mainitin ang
ulo at huwag makisama sa taong kay daling
mapoot 25 at baka matutuhan mo ang kanyang
ang gawi at masilo ang iyong sarili sa bitag.
26 Di ka dapat mapabilang sa mga nanga-

ngako bilang garantiya sa mga utang 27 kung
wala kang maibayad, ba't iilitin ang papag na
iyong higaan?
28 Huwag mong galawin ang dating pananda
sa mga hanggahan na inilagay ng iyong mga
ninuno.
29 Nakikita mo ba ang taong mahusay sa kan-
yang gawain? Sa harap ng mga hari siya naka-
tayo; hindi siya tatayo sa harap ng mga karaniwan.

23 1 Sa pag-upo mo para makisalo sa isang
pinuno, isipin mong mabuti ang nasa
harap mo 2 at tutukan ng kutsilyo ang iyong
lalamunan kung matakaw ka. 3 Huwag kata-
kaman ang masasarap niyang putahe pagkat
pagkain iyon ng panlilinlang.
4 Huwag magpakapagod sa pagpapayaman;
iwaksi iyon sa pagkaunawa. 5 Sa pagdapo doon ng
iyong mga mata, wala na iyon pagkat nagkaka-
pakpak iyon gaya ng agila at lumilipad sa langit.
6 Huwag kainin ang tinapay ng may masamang
tingin at huwag katakaman masasarap niyang
putahe 7 pagkat gayon siya ayon sa kanyang
isinasaloob. "Kumain at uminom!" ang sabi niya
sa iyo ngunit wala naman sa iyo ang kanyang
puso. 8 Iluluwa mo ang kapiraso mong kinain at
masasayang masasarap mong mga salita.
9 Huwag magsalita sa pandinig ng hangal
dahil hahamakin niya ang karunungan ng iyong
mga kataga.
10 Huwag galawin ang matatandang hang-
ganan ni sakupin mga bukirin ng mga ulila 11 pag-
kat malakas ang kanilang Tagapagtanggol; ipag-
lalaban niya kanilang usapin laban sa iyo.
12 Ituon ang iyong puso sa pagtutuwid at ang
iyong mga tenga sa mga salita ng kaalaman.
13 Huwag ipagkait sa bata ang pagtutuwid
dahil hindi naman siya mamamatay paluin mo
man siya ng iyong tungkod.
14 Paluin siya ng iyong tungkod at sasagipin
mo siya mula sa lugar ng mga patay.
15 Anak ko, magagalak ang aking puso kung
marunong ang puso mo.
16 Magsasaya ang aking kalooban sa pagsa-
salita ng iyong mga labi ng mga bagay na
matuwid.
17 Sa puso mo'y huwag mainggit sa mga
makasalanan kundi sa pagkatakot lamang kay
Yawe lumagi 18 pagkat tiyak na may kinabu-
kasan at di mapaparam ang iyong pag-asa.
19 Makinig ka, anak ko, at maging marunong;
ituwid sa iyong daan ang iyong puso.
20 Huwag makisama sa mga mag-iinom, sa
masisiba sa karne 21 pagkat magdarahop ang
mga lasenggo at masisiba, at basahan ang ibi-
bihis sa kanila ng antok.
22 Makinig sa iyong ama na pinagkakaka-
utangan mo ng buhay at huwag hamakin ang
iyong ina sa kanyang katandaan.
23 Bumili ng katotohanan at huwag itong
ipagbili, at ng karunungan at pagtutuwid at pag-
unawa.
24 Masayang-masaya ang ama ng matuwid at
ang nagkakaanak ng marunong ay magagalak
sa kanya. 25 Magagalak ang iyong ama at ina;
magsasaya ang nagluwal sa iyo.
26 Anak ko, ibigay sa akin ang iyong puso at
sa aking mga daan, ituon ang iyong mga mata.
27 Malalim na hukay ang prostituta at makitid
na balon naman ang babae ng iba. 28 Nag-
aabang siya na parang tulisan at pinararami
mga salawahan sa mga tao.
29 Kanino ang mga "Hay!"? Kanino ang
lungkot? Kanino ang mga alitan? Kanino ang
reklamo? Kanino ang mga sugat na walang
saysay? Kanino ang mapulang mga mata?
30 Sa mga nagbababad sa alak, sa mga
patikim-tikim ng mga tinimplang alak. 31 Huwag
mong tingnan ang alak: Mapula ito, bumubula
sa kopa, suwabe at tuluy-tuloy! 32 Sa huli'y na-
nunuklaw ito tulad ng ahas at nangangagat gaya
ng ulupong. 33 Mga kakaibang bagay ang maki-
kita ng iyong mga mata at mga kabulastugan
ang wiwikain ng iyong puso. 34 Matutulad ka sa
nakahiga sa pusod ng dagat, nakahiga sa tuktok
ng layag. 35 "Ginulpi nila ako; di naman ako
nasaktan. Binugbog nila ako at di ko nama-
layan. Kailan ba ako magigising? Isa pa nga ang
aking hahanapin."

24 1 Huwag managhili sa mga taong masa-
ma, o maghangad na makisama sa ka-
nila; 2 karahasan ang inuusal ng kanilang puso;
panggugulo ang winiwika ng kanilang mga labi
3 Sa karunungan naitatayo ang bahay; sa
unawa ito napatatatag. 4 Sa kaalaman napupu-
no ang mga silid ng lahat ng maganda at ma-
mahaling kayamanan.
5 Malakas ang taong marunong; higit na
lumalakas ang taong may kaalaman. 6 Sa ma-
tinong patnubay ika'y makikipagdigma; mula
sa maraming tagapayo ang tagumpay.
7 Napakataas ng karunungan para sa hangal;
bibig niya'y huwag buksan sa kapulungan.
8 Tatawaging panginoon ng mga pakana ang
nagbabalak ng masama.
9 Pakana ng kahangalan ang kasalanan;
kasuklam-suklam sa tao ang nanlilibak.
10 Sa panghihina ng loob sa araw ng kagipi-
tan, gipit din pati na ang iyong lakas.
11 Sagipin ang mga dinadala sa kamatayan;
pigilin ang mga nangadarapa tungo sa pag-

kamatay. 12 Kung sinasabi mong "Di namin ito alam" Di ba't namamalayan ito ng tumitimbang sa mga puso? Di ba't alam ito ng nagbabantay sa buhay mo? Di ba't gagantihan niya ang tao ayon sa kanyang mga gawa?

13 Kumain, anak ko, ng pulot-pukyutan pagkat mabuti ito; matamis ang pulot-pukyutan sa iyong panlasa. 14 Gayunin sa kaluluwa mo ang pagkaalam ng karunungan; pag natagpuan mo ito, magkakaroon ng kinabukasan at di mapapaparam ang iyong pag-asa.

15 Masamang tao, huwag magmanman sa tirahan ng matuwid, huwag looban ang kanyang tahanan. 16 Pitong ulit mang mabuwal ang matuwid, muli't muli siyang babangon; sa kasamaan naman natatapilok ang masasama.

17 Huwag ikagalak ang pagkabuwal ng iyong kaaway; huwag malugod ang iyong puso sa kanyang pagkadapa; 18 baka makita iyon ni Yawe at masamain at ilayo nito sa kanya ang kanyang poot.

19 Huwag mainis dahil sa mga gumagawa ng masama; huwag managhili sa masasama pagkat walang kinabukasan ang kasamaan; papatayin ang ilawan ng masasama.

21 Anak ko, matakot kay Yawe at sa hari; huwag makisama sa mga pabagu-bago 22 pagkat biglang darating ang kapahamakan mula sa kanila, at sino ang may alam sa pinsalang galing sa kanilang dalawa?

**Iba pang mga kasabihan ng marurunong**

23 Hindi mabuti ang magtangi sa paghuhukom. 24 Isusumpa ng mga bayan at kasusuklaman ng mga bansa ang magsabi sa masama, "Matuwid ka."

25 Ngunit mapapabuti ang mga sumasaway sa masama at sasakanila masaganang pagpapala.

26 Halik sa mga labi ang sagot na mga tapat na salita.

27 Ayusin ang iyong gawa sa labas at ihanda ang iyong bukid at saka mo itayo ang iyong bahay.

28 Huwag sumaksi laban sa iyong kapwa nang walang batayan at huwag manlinlang sa iyong mga labi.

29 Huwag sabihing "Gagawin ko sa kanya ang ginawa niya sa akin; gagantihan ko ang taong iyon ayon sa kanyang ginawa."

30 Dumaan ako sa bukid ng taong batugan at sa ubasan ng taong walang bait. 31 At hayun, natakpan nang lahat ng mga tinik at natabunan ng mga dawag, at giba na ang bakod na bato. 32 Isinapuso ko ang aking nakita at may nakuha akong aral sa aking namasdan. 33 Kaunting tulog, kaunting idlip, kaunting paghalukipkip para magpahinga, 34 at daratnan ka ng karukhaan gaya ng magnanakaw at ng kasalatan tulad ng taong sandatahan.

**25** 1 *Mga kasabihan pa rin ni Solomon ang mga ito, na sinipi ng mga tauhan ni Ezekias, hari ng Juda.*

2 Kapurihan ng Diyos ang maglihim ng bagay; kapurihan naman ng mga hari ang saliksikin ito. 3 Mataas ang kalangitan, malalim ang sangkalupaan, puso ng mga hari nama'y di masasaliksik.

4 Alisin ang dumi sa pilak at magkakaroon ng lalagyan para sa platero.

5 Alisin ang masama sa harap ng hari at matatatag ang kanyang trono sa pagkamatuwid.

6 Huwag parangalan ang sarili sa harap ng hari o tumayo sa lugar ng mga dakila. 7 Pagkat mabuting siya ang magsabi sa iyong "Umakyat ka rito" kaysa pababain ka niya sa harap ng maharlika.

Ang nakita ng iyong mga mata, 8 huwag agad-agad ipagharap ng sakdal pagkat ano ang gagawin mo sa huli kapag ikaw ang napahiya sa iyong kapwa?

9 Ipagtanggol sa kapwa ang iyong usapin ngunit huwag ibunyag ang lihim ng iba 10 at baka marinig ka niya at hiyain ka at di na mawala ang masamang pagkakilala sa iyo.

11 Mga gintong mansanas sa lalagyang pilak – winikang salita sa tamang panahon. 12 Sa tengang nakikinig, hikaw na ginto o palamuting lantay na ginto ang pagsaway ng marunong.

13 Gaya ng malamig na isno sa araw ng anihan ang tapat na sugo sa mga nagpadala sa kanya pagkat pinasisigla niya ang loob ng kanyang mga panginoon.

14 Mga ulap at hangin na wala namang ulan – taong nagyayabang, regalo'y wala naman.

15 Sa tiyaga nahihimok ang namumuno; nakababali ng buto ang malambot na dila.

16 Pag nakatagpo ka ng pulot-pukyutan, kumain lamang nang sapat at baka ka masobrahan at isuka mo lamang iyon.

17 Gawing madalang lamang ang paa mo sa bahay ng iyong kapwa at baka mapuno siya sa iyo at ika'y kainisan.

18 Pamalo, tabak o matalim na palaso ang taong bulaang saksi laban sa kanyang kapwa.

19 Sirang ngipin at linsad na paa ang pagtitiwala sa taksil sa araw ng kagipitan.

20 Paghuhubad sa araw na malamig at

suka sa sugat ang pag-awit sa masama
ang loob.
21 Kung gutom ang iyong kaaway, big-
yan siya ng makakaing tinapay; at kung
uhaw siya, bigyan siya ng maiinom na tu-
big; 22 kaya bubuntunan mo ng baga ang
kanyang ulo at gagantimpalaan ka ni Yawe.
23 Ulan ang hatid ng habagat at mga
mukhang galit naman ang sa dilang ma-
pagkunwari.
24 Mabuti pa ang manahan sa isang su-
lok sa bubungan kaysa bahay na kapiling
maybahay na nagmumura.
25 Malamig na tubig sa natutuyong lala-
munan ang magandang balitang galing sa
malayong bayan.
26 Malabong bukal at maruming balon
ang matuwid na nanginginig sa harap ng
masama.
27 Hindi mabuti ang labis na kumain ng
pulot-pukyutan at hindi kapuri-puri ang
maghanap ng sariling papuri.
28 Isang guhong siyudad at walang mga
pader ang taong di makapagtimpi sa
sarili.

**26** 1 Tulad ng isno sa tag-araw at ulan sa tag-
ani, hindi bagay ang parangal sa hangal.
2 Tulad ng ibong pagala-gala, ng layang-
layang na lumilipad, hindi dumadapo ang sum-
pang walang dahilan.
3 Latigo para sa kabayo, renda para sa asno
at pamalo naman para sa likod ng hangal.
4 Huwag mong sagutin ang hangal sa kanyang
kahangalan at baka matulad ka rin sa kanya.
5 Sagutin mo ang hangal sa kanyang kaha-
ngalan at magiging marunong siya sa kanyang
mga mata.
6 Sariling paa ang pinuputol at karahasan ang
iniinom ng nagpapadala ng mensahe sa kamay
ng hangal.
7 Malupog ang mga binti ng pilay, gayon ang
kasabihan sa bibig ng mga hangal.
8 Tulad ng pagtatali ng bato sa tirador ang
pagpaparangal sa hangal.
9 Tulad ng pagkapit ng aroma sa kamay ng
lasing ang kasabihan sa bibig ng hangal.
10 Tulad ng tagapanang lahat ay sinusugatan
ang umuupa sa hangal o sa sinumang mapadaan.
11 Tulad ng asong nagbabalik sa sa suka nito,
inuulit ng hangal ang kanyang kahangalan.
12 Nakikita mo ba ang taong marunong sa
kanyang mga mata? May pag-asa pa ang
hangal kaysa kanya.
13 Sabi ng batugan: "May leon sa daan! May
leon sa liwasan!"
14 Sa bisagra nito bumibiling ang pinto; sa
kanyang higaan naman ang batugan.
15 Hinahalukay ng batugan ang kanyang
pinggan at pagod na siya para isubo iyon sa
kanyang bibig.
16 Sa kanyang mga mata, marunong ang ba-
tugan kaysa pito na nakakasagot nang mahusay.
17 Pagdakma sa aso sa mga tenga nito ang
pakikialam ng nagdaraan sa away na wala
naman siyang kinalaman.
18 Tulad ng baliw na naghahagis ng nag-
aapoy na mga sibat, mga palaso at kamatayan
19 ang taong nandaraya sa kanyang kapwa at
saka nagsasabing "Nagbibiro lang naman ako!"
20 Patay ang apoy kung walang gatong;
natatahimik ang alitan kung walang nanunulsol.
21 Uling sa baga, kahoy sa apoy, gayon ang
palaaway na tao na gatong sa alitan.
22 Masasarap na piraso ang mga salita ng
mapanira, pumapasok hanggang sa kaloob-
looban ng puso.
23 Tulad ng pampakinang na ipinahid sa ba-
ngâ ang maalab na mga labi ng may masama
namang puso.
24 Sa kanyang mga labi, nagkukunwari ang
namumuhi ngunit kinikimkim naman sa kalooban
ang panlilinlang. 25 Huwag maniwala sa kanya
kahit na kaakit-akit ang kanyang tinig pagkat
pitong kasuklam-suklam ang nasa kanyang puso.
26 Pinagtatakpan niya sa kanyang pagkukunwari
ang kanyang pagkamuhi ngunit malalantad sa
buong pamayanan ang kanyang kasamaan.
27 Ang humuhukay ng patibong ang siyang
mahuhulog doon at ang nagpapagulong ng bato
ang siyang babalikan niyon.
28 Kinamumuhian ng dilang sinungaling ang
mga dinudurog nito at pagkawasak ang hatid ng
bibig na madaling pumuri.

**27** 1 Huwag ipagmalaki ang araw ng bukas
pagkat wala kang alam kung ano ang
hatid ng bawat araw.
2 Hayaan mong purihin ka ng iba at di ng sarili
mong bibig, ng ibang tao at di ng sarili mong
mga labi.
3 Mabigat ang bato at pabigat ang buhangin
ngunit mas mabigat pa kaysa dalawang ito ang
galit ng hangal.
4 Mabagsik ang galit at nag-uumapaw ang
poot ngunit sino ang makatatagal sa harap ng
panibugho?

5 Mabuti pa ang tapatang pagsaway kaysa lihim na pagmamahal.

6 Tapat at totoo mga sugat ng kaibigan ngunit sagana naman mga halik ng kaaway.

7 Inaapakan lamang ng busog ang pulot-pukyutan ngunit sa gutom, matamis anumang mapait.

8 Tulad ng ibong nawawalay sa pugad nito, gayon ang taong nawawalay sa kanyang tahanan.

9 Nagbibigay-galak sa puso ang langis at pabango, gayundin ang tamis ng pakikipagkaibigan mula sa taos-puso niyang payo.

10 Huwag mong tanggihan ang iyong kaibigan at ang kaibigan ng iyong ama, at huwag kang pumunta sa bahay ng iyong kapatid sa araw ng kagipitan. Mabuti pa ang malapit na kapitbahay kaysa kapatid na malayo naman.

11 Maging marunong ka, anak ko, at pasayahin ang aking puso nang may maisagot ako sa mga lumilibak sa akin.

12 Nakikita ng matalino ang nagbabantang masama kayat nagkukubli siya; patuloy pa rin naman ang mangmang na magdurusa dahil dito.

13 Kunin ang kanyang damit kung siya ang gumagarantiya para sa dayuhan; siya ang hulihin sa halip ng banyagang kanyang pinananagutan.

14 Mapagkakamalang nagmumura ang bumabati nang may malakas na tinig sa kanyang kapwa pagkagising nang maaga.

15 Magkatulad ang walang patid na tulo sa araw na maulan at ang pagmumura ng asawa.
16 Pagpigil sa hangin at pagdampot sa langis sa kanang kamay ang pagpigil sa kanya.

17 Bakal ang nagpapatalas sa bakal at tao naman sa pakikiharap sa kanyang kapwa.

18 Kakain ng bunga niyon ang tagapag-alaga ng punong-igos at pararangalan ang nagpapahalaga sa kanyang panginoon.

19 Sa tubig namumukhaan ang mukha; sa puso naman ng tao ang tao.

20 Walang kabusugan ang lugar ng mga patay at ang pagkawasak; wala ring kabusugan mga mata ng tao.

21 May apoy na pagdalisay sa pilak at meron ding para sa ginto ngunit ang tao nama'y sa bibig ng mga pumupuri sa kanya.

22 Bayuhin mo man ang hangal kasama ng mga durog na butil, di pa rin siya maaalisan ng kanyang kahangalan.

23 Alamin mong mabuti ang lagay ng iyong kawan; ituon mo ang puso sa mga hayop mong alaga

24 pagkat di magpakailanman ang yaman ni ang korona sa mga sali't salinlahi.

25 Pagkahawan sa damo, pag litaw ng bagong damo at pagkatipon sa mga halaman sa mga
bundok, 26 para sa iyong damit ang mga tupa at presyo naman ng bukid ang mga kambing.

27 May sapat na gatas ng kambing bilang pagkain mo at ng iyong sambahayan at para sa buhay ng iyong mga tagapaglingkod na babae.

**28** 1 Tumatakas ang masama kahit walang humahabol; sintapang naman ng leon ang mga matuwid.

2 Marami ang pinuno sa lupaing may paghihimagsik ngunit ang taong may dunong at may alam ang katiwasayan nito.

3 Ulang sumasalanta hanggang wala nang makakain ang taong dukha na umaapi sa mga maralita.

4 Pinupuri ng mga tumatanggi sa Batas ang masasama; nakikipaghamok naman sa kanila ang mga nagpapahalaga sa Batas.

5 Di nauunawaan ng taong masama ang katarungan ngunit nauunawaan ito nang buo ng mga naghahanap kay Yawe.

6 Mabuti pa ang dukhang lumalakad nang matuwid kaysa may baluktot na mga daan, kahit na mayaman pa.

7 Matalinong anak ang nagsasabuhay ng Batas; kahihiyan naman ng kanyang ama ang kasama ng matatakaw.

8 Nag-iipon lamang para sa magmamagandang-loob sa mga maralita ang nagpapayaman sa sobrang patubo.

9 Kasuklam-suklam maging ang panalangin ng naglalayo ng kanyang mga tenga sa pakikinig sa Batas.

10 Mahuhulog sa sariling bitag ang nagliligaw sa mga matuwid sa daan ng kasamaan; mabuti naman ang mamanahin ng mga matuwid.

11 Marunong sa kanyang mga mata ang taong mayaman ngunit bistado siya ng maralitang nakakaunawa.

12 May malaking pagbubunyi sa tagumpay ng mga matuwid ngunit sa pag-angat ng masasama, hahanapin pa ang mga tao.

13 Hindi napapabuti ang nagtatakip sa kanyang mga sala; kinahahabagan naman ang umaamin at lumalayo sa mga iyon.

14 Mapalad ang taong laging may takot; mahuhulog naman sa kapahamakan ang nagmamatigas sa kanyang puso.

15 Umuungol na leon, dumadaluhong na oso – gayon ang masamang pinuno sa maralitang
sambayanan. 16 Karagdagang pang-aapi ang pinunong kulang sa unawa; pinahahaba naman ng namumuhi sa di-makatarungang pakinabang ang kanyang mga araw.

17 Tatakas hanggang libing ang taong pasan
dugong kanyang pinadanak; huwag siyang
damayan ninuman.
18 Maliligtas ang lumalakad nang matuwid;
agad namang mahuhulog ang baluktot sa
kanyang mga daan.
19 Mananagana sa pagkain ang nagbubung-
kal ng kanyang lupa; karukhaan naman ang
bubusog sa naghahabol sa walang-saysay na
mga bagay.
20 Malaking pagpapala sa taong matapat
ngunit hindi magiging inosente ang nagdudu-
mali sa pagyaman.
21 Hindi mabuti ang may sinisino ngunit para
sa kapirasong tinapay, nagkakasala ang tao.
22 Nagdudumaling yumaman ang taong sa-
kim at di namamalayang daratnan siya ng pag-
darahop.
23 Higit na kalulugdan pagkatapos ang suma-
saway sa kapwa kaysa may dilang mahilig pu-
muri.
24 Kasabwat ng taong nagwawasak ang
nagnanakaw sa kanyang ama o kanyang ina at
nagsasabing "Di naman ito kasalanan."
25 Alitan ang hatid ng taong mapang-angkin;
pasasaganahin naman ang nananalig kay Yawe.
26 Hangal ang nananalig sa sarili ngunit
maliligtas ang lumalakad sa karunungan.
27 Walang pagdarahop ang nagbibigay sa
dukha; maraming sumpa naman ang sa nag-
kukubli ng kanyang mga mata.
28 Sa pag-angat ng masasama, nagtatago
ang tao; dumarami naman ang mga matuwid sa
kanilang pagkapariwara.

**29** 1 Biglang dudurugin at wala nang pagga-
ling pa ang taong madalas na itinutuwid
ngunit matigas naman ang ulo.
2 Nagagalak ang bayan kapag mga matuwid
ang nasa kapangyarihan; napapabuntung-
hininga naman ang bayan kapag masasama
ang namumuno.
3 Binibigyang-galak ng nagmamahal sa ka-
runungan ang kanyang ama; winawaldas na-
man ng kasama ng mga prostituta ang kabu-
hayan niyon.
4 Sa katarungan pinatatatag ng hari ang lupain;
ginigiba naman ito ng taong mahilig sa suhol.
5 Naglalatag ng lambat para sa sariling mga
paa ang taong pumupuri sa kanyang kapwa.
6 Sa pagkakasala nahuhuli sa bitag ang taong
masama; umaawit naman sa galak ang matuwid.
7 Alam ng matuwid ang karapatan ng mara-
lita; di naman nauunawaan ng masama ang
gayong kaalaman.
8 Pinagliliyab ng mga taong mapanlibak ang
siyudad; itinataboy naman ng marurunong ang
galit.
9 Sa pagkakaroon ng usapin ng taong ma-
runong sa taong hangal, nagwawala lamang at
nagtatawa ang hangal, at walang katahimikan.
10 Namumuhi sa matuwid ang mga taong
dugo ang hanap; pinagtatangkaan nila ang bu-
hay ng mga matuwid.
11 Inilalabas ng hangal ang buo niyang galit;
tahimik namang nagtitimpi ang marunong.
12 Kapag kasinungalingan ang pinakikinggan
ng pinuno, nagiging masama lahat ng kanyang
mga opisyal.
13 Nagtatagpo ang dukha at ang maniniil: si Ya-
we ang tumatanglaw sa mga mata nilang dalawa.
14 Mátatatag magpakailanman ang trono ng
haring sa katotohanan hinukuman ang mga
maralita.
15 Nagbibigay-karunungan ang pamalo at
pangaral; naghahatid-kahihiyan naman sa
kanyang ina ang batang pinabayaang mag-isa.
16 Dumarami ang pagkakasala sa paglago ng
masasama ngunit makikita ng mga matuwid
ang kanilang pagbagsak.
17 Ituwid mo ang anak mo at matatahimik ka;
bibigyang-lugod niya ang iyong kalooban.
18 Pag walang propesiya, nagwawala ang
bayan; mapalad ang nagpapahalaga sa Batas.
19 Sa mga salita'y di naitutuwid ang alipin
dahil makaunawa man siya, di naman siya tu-
mutugon.
20 Nakakita ka na ba ng taong padalus-dalos
sa kanyang mga salita? May higit pang pag-asa
ang hangal kaysa kanya.
21 Ang nagbibigay-layaw sa kanyang alipin
sapul pagkabata, sa huli'y pighati ang hatid
niyon sa kanya.
22 Ginagatungan ng taong galit ang alitan;
maraming kasalanan ang taong magagalitin.
23 Kapalaluan ng tao ang magbababa sa kan-
ya ngunit nagkakamit ng parangal ang maba-
bang-loob.
24 Sa sarili namumuhi ang kasabwat ng
magnanakaw; naririnig niya ang sumpa ngunit
wala naman siyang ipinagtatapat.
25 Sa bitag inihahatid ng pagkatakot ang tao;
magiging ligtas naman ang kay Yawe nananalig.
26 Marami ang naghahangad na makaharap
ang pinuno ngunit mula kay Yawe ang marapat
sa bawat tao.
27 Kasuklam-suklam sa mga matuwid ang
taong di makatarungan; kasuklam-suklam
naman sa masama ang may matuwid na daan.

**30** 1 *Mga salita ni Agur, anak ni Yake ng*
*Massa.*

Sinabi ng taong ito kay Ithiel, kina Ithiel at
Ucal: 2 Ako nga ang pinakatanga sa mga tao;
wala sa akin ang pagkaunawa bilang tao. 3 Di
ako natuto ng karunungan, ni nalaman ang
kaalaman ng Banal.

4 Sino ang nakaakyat sa langit at nakababa?
Sino ang nakapagtipon sa hangin sa kanyang
mga kamao? Sino ang nakapagputos sa mga
tubig sa isang balabal? Sino ang nagtatag sa
lahat ng hangganan ng lupa? Ano ang ngalan
niya? At ano ang pangalan ng kanyang anak? Di
nga ba't alam mo!

5 Subok na ang bawat salita ng Diyos; ka-
lasag siya ng mga kumakanlong sa kanya.
6 Huwag dagdagan ang kanyang mga salita, at
baka pagsabihan ka niya at lumabas kang
sinungaling.

7 Dalawang bagay ang hiling ko sa iyo; huwag
sanang ipagkait ang mga ito bago ako mama-
tay. 8 Ilayo sa akin ang kabulaanan at kasinu-
ngalingan; huwag akong bigyan ng karukhaan o
kayamanan kundi pirasuhan ako ng tinapay sa
araw-araw 9 at baka ako mapabusog at itakwil
kita, at sabihing "Sino si Yawe?" O baka naman
ako maging dukha at magnakaw, at malapas-
tangan ang pangalan ng aking Diyos.

10 Huwag mong siraan ang utusan sa kan-
yang amo, at baka isumpa ka niya at ikaw ang
lumitaw na maysala.

11 May salinlahing isinusumpa ang kanilang
ama at di pinagpapala ang kanilang ina, 12 sa-
linlahing malinis sa sarili nilang mga mata ngu-
nit hindi naman hugás sa kanilang karumihan.
13 Salinlahing mapagmataas ang mga mata at
nakataas ang mga kilay. 14 Salinlahing mga ta-
bak ang mga ngipin at mga patalim ang mga
pangil para lamunin ang mga maralita sa sang-
kalupaan at ang mga nagdarahop sa sangka-
tauhan.

15 May dalawang anak na babae ang linta:
"Akin na" at "Akin pa." Tatlo ang walang kabu-
sugan; apat ang di nagsasabing "Tama na."

16 Ang lugar ng mga patay, ang baog na
sinapupunan, ang lupang laging uhaw sa tubig,
at ang apoy na di nagsasabing "Tama na."

17 Tutukain ng mga uwak sa lambak ang
matang nang-uuyam sa ama at humahamak sa
paggalang sa ina, at kakainin iyon ng mga
buwitre.

18 Tatlo ang kahangahanga para sa akin; apat
ang di ko nauunawaan: 19 ang daan ng agila sa
langit, ang daan ng ahas sa batuhan, ang daan
ng barko sa laot, at ang daan ng lalaki sa isang
dalaga.

20 Ganito ang daan ng babaeng nakikiapid:
kumakain siya, pinupunasan ang kanyang bibig
at sinasabing "Wala akong nagagawang ma-
sama."

21 Sa ilalim ng tatlo nayayanig ang lupa; sa
apat di ito makatatagal: 22 ang alipin sa pagha-
hari nito, at ang hangal sa kanyang pagkabusog,
23 ang kinamumuhiang babae sa kanyang pag-
aasawa, at ang utusang babae sa paghalili nito
sa kanyang among babae.

24 Apat ang mga maliit sa lupa, na marunong
pa kaysa marurunong: 25 bayang walang lakas
ang mga langgam ngunit naihahanda nila sa
tag-araw ang kanilang pagkain, 26 bayang wa-
lang kapangyarihan ang mga kuneho ngunit
nakagagawa sila ng kanilang mga bahay sa
batuhan, 27 ang mga balang na walang hari
ngunit pangkat-pangkat silang lahat sa pag-
lusob, 28 ang butiking nahuhuli mo sa iyong mga
kamay ngunit nasa mga palasyo rin ng hari.

29 Tatlo ang maringal sa paghakbang, apat
ang maringal sa paglakad: 30 ang leon na pina-
kamalakas sa mababangis na hayop at wala
itong inuurungan, 31 ang tandang na tumitilaok,
pati na ang barakong kambing, at ang haring
libot ng kanyang hukbo.

32 Takpan mo ng iyong kamay ang bibig mo
kung naging hangal ka sa pagtataas ng sarili o
may masama kang pakana.

33 Sa pagpisil sa gatas lumalabas ang man-
tekilya, sa pagpisil sa ilong lumalabas ang dugo,
at sa pagpisil sa poot lumalabas ang alitan.

## 31

1 *Mga salita ni Lemuel, hari ng Massa, na*
*itinuro sa kanya ng kanyang ina:*

2 Huwag, anak ko! Huwag, anak ng aking
sinapupunan! Huwag, anak ng aking mga pana-
ta!

3 Huwag ibigay ang iyong lakas sa mga
babae, ni ang iyong mga daan sa mga lumilipol
sa mga hari.

4 Hindi para sa mga hari, O Lemuel, hindi para
sa mga hari ang uminom ng alak, o para sa mga
namumuno ang magnasa ng matapang na inu-
min. 5 Baka sa kanilang pag-inom, malimutan
nila ang itinatadhana ng batas at yurakan ang
karapatan ng mga anak-dalita.

6 Bigyan ng matapang na inumin ang napa-
pariwara at ng alak ang may pait sa kalooban;
7 painumin siya nang malimutan kanyang ka-
rukhaan at di na maalala pa kanyang kasa-
maang-palad. 8 Buksan ang iyong bibig para sa
pipi alang-alang sa karapatan ng lahat ng
kapuspalad.

9 Buksan ang iyong bibig, humatol nang
makatwiran, ipaglaban ang karapatan ng
maralita at nangangailangan.

**Ang perpektong asawa**

• [10] Ang maybahay na mahusay, sino ang makakatagpo? Higit pa sa mga hiyas ang kanyang halaga.

[11] Buo ang pananalig sa kanya ng puso ng kanyang asawa kayat di siya magkukulang ng pakinabang.

[12] Kabutihan at di kasamaan ang dulot niya sa kanya sa lahat ng araw ng kanyang buhay.

[13] Dinadampot niya'y lana at abaka, at malugod na gumagawa kanyang mga kamay.

[14] 'Eto, tulad siya ng mga barkong pangkalakal, naghahatid ng kanyang pagkain buhat sa malayo.

[15] Gabi pa'y bumabangon na siya, at naghahanda ng pagkain para sa kanyang sambahayan at ng gawain para sa kanyang mga utusan.

[16] Husay niyang magsuri sa bukid para bilhin iyon, at tinatamnan iyon ng ubasan mula sa bunga ng kanyang mga palad.

[17] Ibinibigkis niya ay lakas at pinalalakas kanyang mga braso.

[18] Lasap niya kung mabuti ang kanyang kalakal; di namamatay kanyang ilaw sa gabi.

[19] May hawak na panggawa ng sinulid kanyang mga kamay at nakakapit naman sa panghabi kanyang mga daliri.

[20] Nakabukas kanyang mga palad sa mga maralita; iniaabot niya kanyang mga kamay sa mga nangangailangan.

[21] Ngunit para sa kanyang sambahayan, di niya kinatatakutan ang isno pagkat nakadamit nang makapal ang buo niyang sambahayan.

[22] Oo, gumagawa siya ng mga pantakip; pinong linen at purpura ang kanyang damit.

[23] 'Pinagpipitagan ang kanyang asawa sa pintuan ng siyudad, sa pag-upo nito kasama ng matatanda ng lupain.

[24] Ramí at linen ay ginagawang damit, na kanyang ipinagbibili; dinadalhan ng mga pamigkis ang mga mangangalakal.

[25] Siya'y nadaramtan sa lakas at dangal, at ngiti niya'y para sa araw na darating.

[26] Taglay ay karunungan sa pagbubukas ng kanyang bibig; turo ng kagandahang-loob ang nasa kanyang dila.

[27] Ubod-galing niyang sinusubaybayan ang mga nilalandas ng kanyang sambahayan at di siya kumakain ng tinapay ng katamaran.

[28] Wika ng kanyang mga anak sa kanilang pagtayo, siya'y pinagpala. pati na ng kanyang asawang pumupuri sa kanya:

[29] "'Yong mga babaeng gumawa nang mahusay – marami sila – ngunit angat ka sa kanilang lahat!"

[30] Alindog ay mapanlinlang at kagandaha'y kumukupas ngunit pupurihin ang babaeng may takot kay Yawe.

[31] Bunga ng kanyang mga kamay ay ibigay sa kanya at purihin siya ng kanyang mga gawa sa mga pintuan ng lunsod.

---

• **31.**10 Nagkaroon ng Araw ng Ina sa kasalukuyang panahon bilang parangal sa mga babaeng ginugugol ang kanilang buhay sa mga pangkaraniwang gawain sa bahay. At sa pamamagitan ng kanilang mga sakripisyo at pag-ibig, naitatayo nila ang pinakamabuti sa ating mundo. May ganito ring pananaw ang tulang ito na nagpipinid sa aklat ng Mga Kasabihan.

Hindi nagkataon lamang na ang tulang ito ang nagpipinid sa aklat ng Kasabihan. Ang Karunungan sa Israel ay di gaya ng pilosopiya ngayon: mga intelektwal na pagninilay na malayong-malayo sa tunay na buhay at bahagya lamang ang pagnanais na makadiskubre ng mga dahilan para mabuhay. Ang karunungan, higit sa lahat, ay kaalaman ng pagsa-saayos ng sariling buhay, gaya ng sinabi ni Solomon. At sa ka-tunayan, ang mga babae kalimitan ang may pangunahing papel sa pagkakaroon ng masayang tahanan at paghubog sa mga taong nananalig sa buhay upang maging kapaki-pakinabang sila sa mundo.

Nakalista rito ang maraming gawain ng mga babae. Ang masaya at masaganang tahanan ay bunga ng pinagsamang asikaso at mga gawaing hindi talagang pinahahalagahan ni pinasasalamatan.

Sa Israel, mga lalaki ang nakapangyayari. Mas nagtatrabaho ang mga babae kaysa mga lalaki. Habang nag-uusap-usap ang mga lalaki sa "may pintuan" ng kanilang nayon, ang mga babae naman ang nag-aasikaso ng bahay at ng taniman at nag-aalaga sa mga bata. Inaanyayahan ng tulang ito ang mga lalaki na parangalan at pasalamatan ang kanilang mga asawa.